

# 1

Kinatok ni Jack Paris ang pinto ng condominium unit ni Helene at saka umatras ng ilang hakbang at naghintay. Mabigat ang buntong-hiningang kumawala sa kanya. Sumasakit ang ulo niya sa pangamba, isipin pa lang ang trabahong iniatang sa kanya. Hindi niya gustong sabihin sa dalaga ang masamang balita. Lalong hindi niya minimithing makita ito.

Hindi naging maganda ang paghaharap nila sa bahay ng ama nitong si Alec sa *Crawford Estates*. Ipinatawag siya ng amo at eksakto namang nagmi-meeting ang dalawa nang dumating siya. Kagaya ng madalas mangyari, nagkasagutan sila ni Helene at nahalata ni Alec ang tensyon sa pagitan nila. Gayunpaman, ibinilin lang nitong ayusin niya ang anumang gusot sa pagitan nila ng anak nito. Hindi rin naging hadlang ang nakaraan nila ng dalaga para hindi ibigay sa kanya ng nakatatandang lalaki ang trabahong ipinunta niya ngayon sa lugar na iyon.

Dasal lang niya ay sumunod kaagad si Helene sa gusto ng ama. May pagkasutil kasi ang babae.

Gumapang ang kilabot sa kanyang gulugod. Alam niyang nakalapit na sa saradong pinto si Helene

at pinagmamasdan siya sa maliit na peephole. Sandali niyang kinalma ang paghinga. Derecho siyang tumitig sa maliit na butas sa pinto at pasigaw na inutusan itong buksan iyon.

“Sino’ng nariyan?” tanong nito sa likod ng pinto. Parang nakaringgan niyang tumawa ang dalaga ngunit agad din niyang kinastigo ang sarili. Bhirang tumawa si Helene kapag nasa paligid siya. Maliban na lang kung sadya siyang ginagalit nito. Ngunit kadalasan ay umiiwas ito sa ganoong pagkakataon.

“Si Jack ’to. Jack Paris.”

Naramdaman niya ang pag-aalinlangan nito. Ngunit ilang sandali lang ay narinig na niya ang pag-slide ng deadbolt at ang pagbukas ng pinto.

“Hindi kita nakilala,” anito, tikom ang mga labi at nakataas ang mga kilay habang derechong nakatitig sa naniningkit niyang mga mata.

Binalewala niya ang pagsisinungaling nito at humakbang paabante. Sinimangutan niya ito at inangilan nang hindi ito nagbigay-daan.

“Hindi mo ba ako papapasukin sa loob?”

“At dapat kitang patuluyin dahil?” Dinilaan nito ang labi, ikiniling ang ulo sa isang banda at mabagal

na pinasadahan ng berdeng mga mata ang kanyang mukha.

Mabilis na nasasagad ang katiting na pasensyang taglay niya. Naglakbay ang kanyang mga mata sa kabuuan ng dalaga. Nagbigay ng magulo ngunit kaibig-ibig na hitsura ang nakataas nitong buhok. Walang bahid ng makeup ang peaches and cream nitong kutis. Bumaba ang kanyang paningin sa kaaya-ayang kurba ng leeg nito hanggang sa nakalitaw na balat ng dibdib nito. Natuon ang mga mata niya sa saradong parte ng suot nitong hunter green na roba, sa ibabaw lamang ng alam niyang mayaman nitong dibdib.

Ipinaalala niya sa sariling si Helene ay parte lamang ng isang trabaho, at hindi lalabis pa roon ang papel nito sa kanya. Determinado siyang huwag hayaan ang dalagang maapektuhan siya. Sa anumang paraan.

May kung ano siguro sa kanyang mga mata na nagbanta ritong tigilan na ang pakikipaglaro dahil wala siya sa mood. Mabalasik ang kanyang anyo, dahil na rin sa kakulangan niya ng tulog nang nagdaang gabi.

May pakiramdam siya, base sa maramot na pagngiti ni Helene, na mas gugustuhin pa nitong

ibalibag ang pinto sa kanyang mukha. Ngunit nanaig ang likas na ugali nito. Tumabi ito at hinayaan na siyang makapasok sa bahay.

Nang mapadikit siya sa roba nito ay nakaramdam siya ng pagkuyom ng sikmura dahil sa malapitang distansya nila sa isa't isa. Ilang sandaling naging mahirap para sa kanya ang magpatuloy dahil ang talagang gusto niya ay ang isandal ito sa dingding at angkinin ang mapipintog nitong labi.

Napahinto si Jack nang makita ang isang lalaking nakahilata sa sofa at nanonood ng TV. Matipuno ang pangangatawan nito at kulay kape ang buhok. Nakasuot lang ito ng pranelang boxer shorts at abuhing T-shirt. Hindi mahirap hulaan na roon ito nagpalipas ng magdamag—kasama si Helene. Kumibot ang kanyang labi sa biglang galit. Pinigil niya ang matinding pagnanais na basagin ang pagmumukha ng lalaki. Sa halip ay nagawa pa niya itong kamayan. Ipinakilala ito ni Helene bilang si Steve. Naningkit ang kanyang mga mata nang tumagal ang pagkakahawak nito sa kamay niya.

Si Helene na mismo ang humila sa kamay ni Steve mula sa kanya. Sinikap ni Jack na hulihin ang mga mata ng dalaga, para ipaalam ditong hindi siya natutuwang may nadatnang lalaki sa apartment

nito gayong kung tutuusin ay napakaaga pa para magkaroon ito ng bisita. Ngunit nagpaalam na ito para magbihis, hila-hila ang estranghero. Naiwan siyang nakatayo lang sa gitna ng sala, habang umecho ang TV sa paligid niya. Hindi na niya pinagaksayahan pang isipin ang dalaga na may kasamang ibang lalaki sa loob ng silid nito dahil lalo lang siyang naiinis.

---

“Sino ba ang lalaking iyon? Aba’y parang gusto na ’kong patayin, ah!”

Tumawa si Helene. “Dahil akala niya magkatabi tayong natulog kagabi. O kaninang umaga.”

Umiling ito. “Eh, di itama mo’ng paniniwala niya. Bilis na.”

“Hindi ko puwedeng gawin ’yun. Steve, kailangan ko ng pabor.” Nang muli itong umiling ay napanguso siya at ikinurap ang mga mata.

“Hindi. Hindi puwede.” Dinampot nito ang pantalon na basta na lamang nitong inihagis sa ibabaw ng dresser niya nang nakaraang gabi.

“Pambihira ka naman! Ilang beses na ba akong nagpanggap na girlfriend mo? May utang na loob ka

sa akin. Ang hinihiling ko lang naman, umakto kang para talaga tayong magkasintahan mamayang pag-alis mo.” Sa palagay niya ay hindi naman kalabisan ang hinihiling niya rito.

“Gagawin ko rin iyon para sa ’yo,” kumbinsi pa niya. “Hindi naman pupunta dito ang lalaking ’yan dito kung di rin lang emergency. Security Specialist siya ni Daddy at bukod doo’y ginagawa rin niya ang lahat ng iutos nito. Kailangan kong magmadali, Steve.”

Napapayag niya ang binata na wala nang nagawa kundi ang umungol. Napangiti siya at inihagis ang roba sa ibabaw ng kama at saka isinuot ang isang pares ng maong shorts at isang hapit na pang-itaas. Sinuklay niya ang buhok at saka iyon itinaas gamit ang clip. Dinampot niya ang bote ng cologne sa ibabaw ng dresser at winisikan ang leeg at pupulsuhan. Pumasok siya sa banyo at pinagmasdan ang sarili sa salamin, pagkatapos ay nagespilyo. Naglagay rin siya ng manipis na makeup at muling pinasadahan ang sarili sa salamin. Nang lumabas siya ng banyo ay nagsisintas na ng sapatos si Steve.

“Bigyan mo muna ako ng limang minuto ’tapos lumabas ka at—”

“Alam ko na ang gagawin ko. Magkikita ba tayo

mamaya?”

“Hindi ko pa alam,” sagot niya. “Pero gandahan mo ang pagpapaalam, ha? Dapat ’yung makatotohanan. ’Kuha mo?”

Pinagtawanan siya nito. “Ngayon, alam ko na kung bakit sumasama ka sa amin.”

Sinimangutan niya ang lalaki at saka lumabas. Hinahanap niya ang sapatos habang naglalakad nang nakayapak sa sala. May napansin siyang kumilos sa balcony at naisip niyang baka lumabas doon si Jack. Tinawid niya ang sala, iniisip pa rin kung bakit sinadya siya ng lalaki sa apartment niya.

Minsan pa lamang itong nagawi roon. Isang araw iyon matapos ang kanyang college graduation. Iyon din ang araw na nagsimula siya bilang protégé ng ama. Dinala siya nito sa *Park Place Condominiums*. Piniringan siya ng ama at iniakyat sa condo. Mukha ni Jack ang una niyang nakita nang alisin ng daddy niya ang kanyang piring. At sa ilang nakahihibang na sandali, pinangarap niyang ito sana ang regalo sa kanya ng ama.

Bakante pa ang buong bahay noon. Ngayon ay puno na iyon ng earth tone colored leather furniture, designer end tables and lamps, mga halaman at

matitingkad na kulay sa dingding. May ilang mga larawan ng pamilya na nakakalat sa silid. May isang litrato pa kung saan kasama niya sina Alec at Jack. Sa tuwing tititigan niya ang picture na iyon ay silang dalawa lang ni Jack ang kanyang nakikita.

“Ano’ng ginagawa mo dito?” untag niya agad pagkabukas pa lang ng pinto ng balkonahe.

“Masyadong malamig dito sa labas para magyapak ka.” Nanlilisik ang mga mata nitong nakatitig sa hubad niyang paa. Umihip ang hangin at ginulo ang makapal at maitim na buhok ng binata.

“Bahala akong mag-alala para sa mga paa ko, Jack.” Pinigil niyang mapangiti nang muli itong sumulyap sa kanyang mga paa. Magkalapat ang mga labi nito at halatang pikon na pikon na. Walang kakilos-kilos ang mahaba’t makisig nitong katawan habang nakatayo, hindi man lang yumuko o sumandig sa dingding ng balkonahe. He was so in control.

“Fine.”

Tumaas ang kanyang kilay sa masungit na tono nito. “Fine,” gaya niya dahil sa pagkayamot.

“Huwag mo akong tudyuin,” utos nito.

“Huwag mo akong utusan.”



Kapwa nanlilisik ang mga matang nakatitig sila sa isa't isa.

“Aalis na ako,” narinig nila mula sa may pinto.

Humarap si Helene kay Steve. Ngumiti ang huli.

“Ngayon na?” kunwari ay tanong niya nang may halong pagkadismaya. Humilig siya rito at binigyan ito ng isang bulgar na halik sa labi. “Sige, magkita na lang tayo uli,” namamaos pang sabi niya bago humiwalay sa binata.

Namimilyong tumawa si Steve. “Yes, my dear. Dapat lang talaga nating ulitin ito sa ibang pagkakataon.” Binigyan siya ng kaibigan ng isang sensuwal na sulyap na ikinapula ng mga pisngi niya. Seryoso itong bumaling sa katabi niya pagkatapos.

“Ikinagagalak kitang makilala, Jack.”

Nakagat ni Helene ang ibabang labi upang pigilan ang nagbabantang pagsungaw ng ngiti. Si Jack ay nanatiling tikom ang bibig at ilang. Hindi ito nag-abala man lang na makipagkamay at bahagya nang tumango sa ‘noby’ niya. Tuwang-tuwa siya.

Nanatili silang tahimik nang mapag-isa. Muli ay nagtagisan ang kanilang mga mata. Siya ang nanalo dahil animo biglang nanamlay sa pagod ang binata.

Magalang itong humingi sa kanya ng kape. Pumayag na siya dahil bihira naman itong sumuko nang ganoon lang kadali. Nang pumasok sila sa condo ay nagsimula na siyang kabahan sa posibleng dahilan ng pagdalaw nito sa kanya.

Nakamasid lang si Jack sa mabining imbay ng balakang ng dalaga habang papasok ito sa kusina. Matangkad ito para sa isang babae, nearly 5'11". Mahahaba ang mga binti nito at makinis hanggang sa kumurba sa pinakamagandang puwitan na nahawakan niya. Ipinikit niya ang mga mata sa tahimik na pagdurusa habang inaalala ang pakiramdam ng malasutlang lambot ng baywang nito, kung paanong hinagod ng mga daliri niya ang kalambutang iyon pataas sa dibdib nito. Naramdaman niya ang pag-igting ng bahaging iyon ng katawan. Napamura siya. Nagsisimula na siyang mawala sa kontrol ngayong napag-isa sila. Kinastigo niya ang sarili, umupo sa breakfast bar at itinutok ang pansin sa TV sa pag-asang mapalamig ang naglilimayon na niyang pag-iisip. Hindi iyon naging madali.

Si Helene ay isang perpektong babae para sa kanya. Nakababaliw ang obsesyon niya para sa dalaga. Kaya nga iniwasan niya ito. *Ayusin daw. Talaga lang, ah?* Sa loob-loob niya habang inaalala ang payo ni Alec sa kanya nang aminin niya rito ang

problema sa pagitan nila ng anak nito.

“Sasabihin mo pa ba sa akin kung bakit ka nagpunta rito?” untag nito sa kabilang panig ng breakfast bar.

Itinulak nito ang isang bulaklaking ceramic coffee cup sa gawi niya at saka sumandal sa katapat na counter. Nakakrus ang mga braso’t binti nito habang naghihintay.

Humigop si Jack ng mainit na kape. Sa ibabaw ng rim ng kanyang tasa ay nakita niyang hindi mapakali sa kinauupuan si Helene. Mainipin talaga ito. Minsan nga ay iniisip niya kung paanong nagawa nitong maupo sa pagitan ng mahahabang klase nito sa kolehiyo.

Mabagal niyang ibinaba ang tasa. “Nagkaroon na naman ng panibagong kidnapping attempt kay Cassidy,” nasabi rin niya sa wakas.

“Ano? Hindi!” pagtangga nito; tumayo mula sa counter at sumandig sa tapat ng breakfast bar paharap sa kanya. “Ayos lang ba siya?” Hinawakan nito ang kanyang siko.

“Maayos naman siya. Kumalma ka lang. Huwag kang umiyak,” mariing utos niya nang magsalubong ang kanilang mga mata. “Kahapon habang namimili

silang Sandy, dalawang lalaki ang nagtangkang umagaw sa kanya habang papasakay sila sa kotse. Malapit na naming mahuli ang mga lalaking 'yun. Sigurado ako doon. Sinuwerte lang sila kaya sila nakatakas muli. Naglagay na ng round-the-clock na mga bantay ang daddy mo. Ayaw na niyang magbakasali pa sa panibagong banta sa nakababata mong kapatid. Ipinadala na niya sina Cassidy sa rancho sa Aspen para mas maging ligtas sila doon."

"Thank God! Mabuti naman." Halatang nabigla ito sa ibinalita niya.

"Nag-aalala ang daddy mo para sa kaligtasan mo."

Nang alisin nito ang mga daliri sa kanyang braso ay parang isang mahalagang bagay ang nawala sa kanya. Naniningkit ang mga mata nito nang sulyapan niya.

"Naiintindihan ko. Pero may pakiramdam akong hindi ko magugustuhan ang dahilan mo ng pagparito. Bakit hindi na lang siya nagpadala ng ibang tao? Alam naman niyang hindi tayo magkasundo." Lalo pang naningkit ang mga mata ng dalaga. "Hindi ako pupunta sa Aspen," malinaw nitong pahayag. "Marami akong trabaho dito."

Bahagyang napangiti si Jack sa tonong ginamit nito. Inaasahan na nila iyon. Sa katigasan ng ulo ng babae, hindi ito mapipilit na pumunta sa isang lugar na hindi nito nais puntahan.

“Huwag mo akong tingnan nang ganyan, Jack. Hindi na ‘ko isang batang munti na katulad ni Cassidy na puwede mong—”

“Alam kong hindi ka na bata,” sabad niya. Nakita niyang namula ito sa kanyang sinabi. Humagod ang kanyang mga mata sa kabuuan nito. At alam niya, ibinaba niya ang sariling depensa nang muling magtagpo ang kanilang mga mata. Una itong nakabawi, tumuwid at lumayo sa counter saka umirap sa kanya.

“Alam kong... may mga plano si Daddy. Sabihin mo na kung anuman ‘yun,” utos nito.

Hindi pa siya handang sabihin dito ang plano ni Alec, na masidhi rin niyang tinutulan hanggang sa mamaos siya. Pero paano pa siya makikipagtalo kung sinabi na ng nakatatandang lalaki na wala itong ibang pinagkakatiwalaang mag-alaga sa anak maliban sa kanya?

“Ako ang magiging bodyguard mo hangga’t hindi pa nahuhuli ang mga kidnappers. Gusto niyang

lumipat ako sa guest bedroom mo at maging anino mo sa mga susunod na araw.”

“Hell, no! Nasisiraan na ba siya ng bait?” Ang galit ng dalaga ay higit pa sa kanyang inaasahan. Sa hitsura nito ay parang gusto na siya nitong saktan.

“Look, Helene,” panimula niya, tinipon ang lahat ng pasensya habang tumatayo. Pinutol siya kaagad ng dalaga.

“Hindi! Ikaw ang makinig, Jack. Nasa tamang gulang na ako at may sarili akong buhay. Naiintindihan mo? Hindi ako papayag na lumipat ka dito... at tumira kasama ko,” asik nito.

Napangiwi siya sa napopoot nitong titig.

“Tigilan mo’ng kasisigaw,” singhal niya na ipinatong ang dalawang palad sa countertop.

“Hindi ako sumisigaw!” tili nito. Padabog itong lumabas ng kusina at nagtuloy sa sala.

“Para rin ito sa kabutihan mo,” angil niya nang umikot ito sa foyer mula sa kusina. Agresibo ang kanyang tindig, idinudungol niya ang isang daliri sa gawi nito para bigyang diin ang bawat salita.

“Kaya kong alagaan ang sarili ko!” sigaw nito. Pagkatapos ay ibinaba nito ang tono at inisa-isa ang

mga salita na parang isang tanga ang kinakausap. “Hindi. Ko. Kailangan. Ng. Bodyguard. Hindi ako ang pakay ng mga lalaking iyon,” agaran nitong dugtong, na itinuro ang sarili sabay iling.

“Hindi natin alam ’yun, Helene,” ganti niya na daig pa ang umaamo ng isang maliit na bata.

Halata ang tumataas nitong iritasyon. Ikinumpas nito ang dalawang kamay sa hangin. “Utang na loob. Nakakatawa ka na!”

“Nagiging childish ka na naman,” pansin ni Jack, at agad nahinuhang maling mga salita ang kanyang binitiwang.

Minsan na niyang sinaktan ang dalaga. Tandang-tanda niya ang hitsurang iyon. Pinukaw niyon ang isang alaalang gusto na niyang kalimutan. Masyado itong malambing noon, masyadong inosente at masyado pang... bata. Dinurog niya ang mga pangarap nito tungkol sa kanila, winasak ang masuyo nitong pagtangi. Mula noon ay hindi na naibalik ang dati nilang pagkakaibigan.

Naniningkit ang mga matang bumulong ito sa banayad ngunit mapanganib na tinig, “Childish talaga ha?” Maingat siyang humakbang paatras. “Sabihin mo nga sa akin, Jack. Sabihin mo kung

gaano 'ko kabata. Kung gaano ako kaisip-bata.”

Walong taon na ang nakakaraan, pero parang kahapon lang. Alam ni Jack na dala lamang ng kapusukan kaya nagawa nitong ipagtapat ang tungkol sa pag-ibig nito sa kanya, kung gaano ang paghahangad nitong makasama siya. Gusto na rin niyang bumigay noon. At dahil mas mature siya at mas may alam, batid niyang kailangang manatiling matino ang kanyang pag-iisip.

Ngunit hindi niya nagawang tanggihan ang mga labi ni Helene. Ang isang halik ay nasundan pa. Pagkatapos niya itong yakapin nang ilang minuto at tikman ang kusa nitong inihain sa kanya, saka niya ito sinugatan doon sa parte kung saan ito mahina at siguradong masasaktan. Tinawag niya itong isang 'bata'. Patuya niyang sinabi na mapupusok na mga babae ang gusto niya at hindi isang walang muwang na birhen na gaya nito.

Tahimik ngunit maigting ang nagngalit na tensyon sa buong silid. Para siyang sinampal. Sa galit ay gusto niyang pilipitin ang magandang leeg ng dalaga dahil sa pagpapaalala nito ng pinakamalaking pagkakamaling nagawa niya sa buong buhay niya.

Nasamyong niya ang pabango nito at halos lamunin siya ng pinong amoy ng wildflower. Tinalikuran niya



ito at lihim siyang napamura nang maramdaman ang mabilis na pagtugon ng katawan.

“Damn you,” ungol niya. Hindi niya tiyak kung ang pinatutungkulan niya ay ang sarili at ang makamundong reaksyon niya sa dalaga, o si Helene mismo dahil sa pag-antig nito sa mga alaalang gusto na niyang kalimutan.

“Ano’ng sinabi mo, Jack?” tuya nito.

Humarap siya para lamang madiskubreng halos nasa tabi na niya ito, nakataas ang baba na animo naghahamon ng away at nakapatong ang mga daliri sa nakausling balakang. Mukha itong sexy at sassy sa ganoong ayos. Naramdaman niyang dumidiin sa kayo ng hapit niyang pantalon ang kanyang pagkalalaki. Ganoon na lamang ang pagpipigil niyang ihiga ito sa sahig at ibigay rito ang bagay na ipinagkait niya ilang taon na ang nakakalipas.

“Isa ka lang spoiled brat.” Alam niyang lalo itong magagalit dahil sa sinabi niya.

“At isa ka lang sa mga utusan ng daddy ko,” ganti nito sabay angat ng ulo at ngisi.

Tuluyan na siyang napuno. “Ito ang gusto ng daddy mo. At ito ang masusunod, Helene.” Sinadya niyang lakasan ang tinig para ipabatid ditong tapos

na ang pag-uusap nila. Mabalasik ang pagkakalapat ng kanyang mga labi at may paghahamon ang makikinang na mga mata.

“Screw you!”

“Hindi ka magkakaroon ng pagkakataon.” Umismid si Jack matapos suriin ang kabuuan nito na animo nandidiri. Masyado na talagang malalim ang away nila. Nakadama siya ng pagsisisi lalo’t nakita niya ang pagkamuhi ng dalaga. Umangat ang isang palad nito at tumama sa kanyang pisngi. Pareho nila iyong ikinagulat.

## 2

Umalingawngaw ang tunog ng kanyang sampal. Sa loob ng ilang sandali, gusto ni Helene na matawa. Ngunit base sa galit na nakikita niya sa mukha ni Jack, alam niyang ang dapat niyang gawin ay ang tumakbo. Bago pa siya makakilos ay nahawakan na siya nito sa pupulsohan at nahila pabalik. Napahapay siya rito. Pumaikot ang isang braso nito sa kanyang katawan. Nang magpumiglas siya ay ipinilipit nito sa likod niya ang kanyang mga braso. Napaungol ang binata nang kamuntikan nang umabot sa pagitan ng hita nito ang tuhod niya.

Itinulak siya nito paatras hanggang sa mabilanggo siya sa pagitan ng dingding at ng katawan nito. Nakadagan ang buong bigat nito sa kanya. Ang pareho niyang braso ay bilanggo ng mga kamay ni Jack. Gusto niya itong bulyawan, pero napalibutan na siya ng nakatatakam na samyo nito. Malalim ang ginawa niyang paghinga at mariing napapikit ang kanyang mga mata. Nilalamon siya ng galit na sumisingaw sa katawan nito. Ito man ay paputol-putol din ang paghinga. Ang galit para sa binata ay agad nahalinhinan ng mainit na pagnanasa.

Naaamoy niya ang magkahalong amoy ng kape at mint sa hininga nito. Sandali ring nag-abang sa ibabaw ng bibig niya ang mga labi nito bago iyon tuluyang sinakop. Animo gusto nitong durugin ang mga labi niya sa kanyang mga ngipin. Mapagparusa ang halik nito, sumusugat sa tindi ng puwersa. Ni hindi nito ikinilos ang ulo o ibinuka ang labi upang suyuin siyang tumugon. Basta lang nitong idinidiin ang bibig sa kanya.

Nag-init ang mga mata ni Helene dahil sa luha. Kaytagal niyang hinintay na matikman muli ang halik nito. Malaki ang ipinagkaiba ng ngayon sa dati. Noon kahit paano ay naging masuyo ito at malambing bago dinurog ang kanyang mga pangarap. Ngayon ay galit na galit ito.

Lalo lamang pinag-iibayo ng marahas na halik nito ang pagnanais niyang labanan ang binata. Ngunit hindi niya alam kung paano ito lalabanan, lalo't ipinagkakanulo siya ng sariling katawan. Ang matinding pangangailangan niya kay Jack ang pumipigil sa kanyang itulak ito palayo.

Sa pagnanais na mapahupa nang kaunti ang galit nito, nagawa niyang iatras bahagya ang ulo upang mapaghiwalay ang mga labi nila. Unti-unting umangat ang mga mata nito. Lalo iyong naging

matingkad sa paningin niya at wala na sa pokus dahil sa silakbo ng damdamin.

Isang nakababaliw na puwersa ang tumulak kay Helene upang muling sakupin ang mga labi nito. Inilabas niya ang dila upang ihaplos sa pang-ibaba nitong labi.

Napaungol ito sa pagkabigla. She felt his angry mouth soften. At iyon lang ang hinihintay niya. Her tongue darted out again, para tikman naman ang isang sulok ng bibig nito. Isang malalim na ungol ang pinakawalan ng binata. Ibinuka nito ang bibig. Sabik na sinakop niya iyon at animo gutom na matikman ang kaloob-looban.

Binitiwang nito ang kanyang mga kamay at ibinaon ang mga daliri sa buhok niya at umalalay sa likod ng kanyang ulo. Kung saan-saan nito ipinaling ang kanyang ulo upang mahalikan siya nang mas malalim pa.

Pumaikot sa baywang ni Jack ang mga braso ni Helene. Pumailalim sa suot nitong T-shirt at humagod sa mainit at makinis na balat sa likod ng binata. Lumikha ito ng ingay, isang singhap sanhi ng hagod ng mga daliri niya sa mainit nitong balat. Higit na pinainit nito ang nag-iinit niyang dugo. Animo umaapoy na ang kanyang buong katawan.

Bahagya niyang pinaghiwalay ang kanyang mga paa habang lalo pa itong kinakabig palapit. Isang impit na ungol ang kumawala sa kanya nang sumingit ang isang tuhod nito sa pagitan at lalo pang pinaghiwalay ang kanyang mga binti. Nakaramdam siya ng pamamasa sa pagitan ng kanyang hita. Ang paggalaw ng binti nito ay nagbigay sa kanya ng hungkag na pakiramdam. Iginiling niya ang balakang sa hita nito sa pagnanais na mapunan ang matinding simbuho na lumukob sa kanya.

Lumapat ang mga daliri nito sa kanyang likod, mabagal na humagod pababa hanggang sa umabot sa kanyang pang-upo. Ginamit nito ang malalaking kamay upang pumisil at magmasahe, sanhi upang iliyad pa niyang lalo ang katawan. Nang dumulas ang isang palad nito sa pagitan ng kanyang mga hita, pakiramdam ni Helene ay mawawalan siya ng ulirat anumang sandali. Nilamon ng halik nito ang bawat ungol na gawin niya, hinigop ang bawat nguyngoy na hindi niya nagawang pigilan.

Pagkatapos ay naramdaman niyang binuhat siya ng binata. Kusang pumaikot ang mga binti niya sa baywang nito. Umangat ang mga kamay niya sa may tadyang nito, itinaas ang suot nitong T-shirt at dinama ang matitigas na kalamnan sa likod ng binata bago umangat sa malapad nitong

balikat. Pumirmi ang mga daliri niya sa makapal nitong buhok. Nararamdaman niya ang kahandaan nitong bumabanat sa kayo ng suot nitong maong, dumudungol sa sensitibong bahagi niya na nagnanais ng higit pa. Ikinilos nito ang balakang, dumiin sa parteng iyon hanggang sa inakala niyang mapapasigaw na siya.

Nanatili silang ganoon, kumikilos nang ayon sa gusto ng katawan, nang hindi man lamang pinaghihiwalay ang mga labi at halos lamunin na ang isa't isa.

Pakiramdam niya ay malapit na siyang matunaw. Isang agresibong ungol ang kumawala sa lalamunan ni Helene nang maghiwalay ang kanilang mga labi at naisandig niya ang ulo sa dingding. Nangatal ang katawan ng binata dahil doon.

Isa, dalawang ulit pa at mararating na niya ang sukdulang pinananabikan niya, naisip ni Helene. Halos maluha siya dahil sa wakas ay naroon siya sa ganitong ayos, kasama si Jack.

Naramdaman niyang nanigas ito sa mga bisig niya. Ang akala niya ay hahayaan na nito ang sariling samahan siya sa makamundong paglalakbay na iyon. Ngunit nang imulat niya ang mga mata at tumitig dito, sa halip na kaligayahan ay pagkalito at

pagkapahiya ang nakita niya.

“No, Jack. No! It’s okay,” sumamo niya ngunit pinakawalan na siya ng lalaki. Umatras ito at isinuklay ang mga daliri sa buhok dala ng pagkabalisa.

Muntik na siyang mapahagulgol.

Mabuway ang kanyang mga tuhod. At dahil nakatayo siya at walang hawak na suporta, napasandal siya sa dingding at tumalungko habang kinakalma ang sarili. Malalim ang paghugot niya ng hangin upang labanan ang pagnanasa. Nakaramdam siya ng matinding sakit.

“Jesus, Helene,” narinig niyang bulong nito. Sumulyap siya rito eksaktong inihihilamos nito ang isang nanginginig na kamay sa mukha.

Naningkit ang mga mata niya. Siya ba ang may gawa noon? Nagawa niyang yanigin ang dakilang si Jack Paris?

Dahil pinatapang ng nakitang hitsura nito, nagawa niyang lumayo sa dingding. Nanlaki ang mga mata nito, umatras at mabilis na lumabas ng sala at nagtungo sa kusina. Kahit nanginginig pa rin, nagagalak siya dahil may angkin pala siyang kapangyarihan laban dito. Sumandal siya sa breakfast bar upang mapagmasdan itong lalo. Pinuno nito ng



tubig ang isang baso, ininom at pinuno ulit. Nang matapos ay ipinatong lang nito iyon sa counter at muling lumabas ng sala.

Hindi nito magawang salubungin ang titig niya. May galit na itinuon niya ang paningin dito, inuutusan ang mga mata nitong salubungin ang mga mata niya. Minsan lang itong sumulyap at umiwas na naman. Galit na sinundan niya ito ng tingin.

Ang lakas ng loob nitong tumayo lamang doon at hindi magsalita! Bago siya nito talikuran ay napansin niyang bakat pa rin ang kahandaan nito. Kinilig siya sa nakita.

Nagawa niyang humarang sa daanan nito at nahawakan ang pupulsuhan ng lalaki bago pa ito makaiwas.

“Jack,” aniya, hindi malaman kung ano ang sasabihin ngunit determinadong ipamukha sa binata na ang anumang mayroon sa pagitan nila ay hindi na maglalaho. Matindi pa rin iyon gaya noon. At ang ipagsawalang-bahala iyon sa loob ng walong taon ay hindi nakatulong upang mabawasan ang kanilang damdamin.

“Hindi iyon nangyari,” angil nito, ang mga salita ay halos humarang na sa lalamunan nito.

Napasinghap si Helene; humiwalay mula rito habang nagngangalit ang mga ngipin. Galit na galit siya at gusto na niya itong suntukin sa sikmura ngunit nagawa pa rin niyang pigilin ang sarili.

Inikutan niya ito at hinarap nang may pagmamalaki. “Pero nangyari, Jack Paris. Ano’ng problema? Hindi mo kayang pakibagayan?”

Doon umangat ang matalim nitong paningin sa kanya. “Wala akong dapat pakibagayan.” Marahan ang tinig nito.

“Marami, sa tingin ko,” bahagyang sabi niya.

“Hindi iyon nangyari,” ulit nito sa matigas na tinig. “Hindi iyong sampal. Hindi iyong... iyong...” Itinuro nito ang dingding kung saan kanina lang ay sinasandalan nila habang mahigpit na magkayakap.

Ang galit ni Helene ay napalitan ng pagkagulat dahil nagagawa nitong itanggi ang palagi na ay nasa pagitan nila.

“Ano’ng problema, Jack? Hindi mo inaasahang ganoon ang kalalabasan ng parusa mo?”

“Hindi ko intensyong parusahan ka,” kaila nito, ngunit ang mga mata ay nakatutok na sa mapupula’t namimintog niyang mga labi. Hindi nakaligtas sa

kanya ang pagtiim ng bibig nito.

“Yes, you were,” bulong niya.

Bahagya itong umatras nang humakbang siya palapit.

“Hindi mo inaasahan ang sumunod. Inisip mong tatanggapin ko lang iyon. Ilalagay mo ako sa dapat kong kalagyan, pero hindi ako ganoon, Jack. Hindi na ako ang dating inosenteng birhen na tinanggihan mo.”

Umangil ito at bigla niyang naisip na baka gantihan siya ng binata. Naghanda siyang depensahan ang sarili ngunit umatras lamang ito. Nanlilisik ang mga mata nitong nakatitig sa kanya ngunit nanatili itong tahimik.

“Patas na tayo ngayon.”

Nakaramdam siya ng kasiyahan nang maisip na totoo ang kanyang sinabi. Alam niyang hindi ito malilimutan ng binata, katulad ng hindi rin niya pagkalimot dito. Sexually, kaya niya itong paluhurin, ipakita ritong kaya na niyang maging isang mapusok na babaeng minsan ay sinabi ni Jack na siya nitong tipo. Pagkatapos ay iiwan niya ito, naisip niya sa naniningkit na mga mata. Ito na ngayon ang maiiwang nagnanais ng higit pa. Puwede niya

itong takamin ng isang bagay na hindi na para rito. Magiging napakatamis noon. Magiging napakadali.

“Puwede kang tumigil dito, Jack. Hanggang sa mahuli ang mga kidnappers,” pabiglang alok ni Helene, ninanamnam na ang pagganging gagawin niya rito.

Nakita niyang kumislap ang mga mata nito sa pagkamangha bago itinutok ang pansin sa sahig para ikubli ang ekspresyon.

“Marami akong gagawin ngayon. Kailangan kong kunin ang aking bag,” mabilis niyang sagot bago ito nilagpasan at nagmartsa palabas ng silid.

Pinahid niya ang luhang basta na lamang namuo nang makapasok siya sa sariling silid. Napamura siya. Hindi na niya hahayaang paiyakin siya ni Jack, gaya noong una.

Kinuha niya ang leather purse at nagsuot ng sandals. Pinatatag niya ang mga balik at inihanda ang sarili sa round two.

Ngunit bago iyon ay kailangan niya munang tawagan ang ama. Gusto niyang marinig dito mismo na maayos ang lahat.

---

Narating nila ang furniture shop nang walang ibang aberya na nangyari. Napilitan itong isama siya sa pagbili nito ng mattress. Alam kasi ng dalagang hindi niya ito hahayaang lumabas ng apartment nang nag-iisa. Pero bago iyon, ininis pa muna siya nito at pinagsaraduhan ng sasakyan. Kung hindi pa may bumusina sa likod ng dalaga ay baka nagmatigasan sila buong araw.

Laking pasasalamat ni Jack nang makalabas siya ng kotse. Alam niyang sinadya ni Helene na bagtasin ang pinakamahabang ruta patungo roon para lang asarin siya.

Nanahimik siya upang hindi nito malamang nagtagumpay ito.

Pinagmasdan niya ito habang sensuwal na naglakad nang hindi man lang siya hinintay. Daig pa niya ang nahipnotismo nang pumasok sa tindahan.

Alam niyang galit pa rin si Helene dahil sa nangyari sa apartment. Alam niya kung gaano na ito kalapit sa sukdukan kanina. Maging siya ay ganoon din. Ngunit isa iyong pagkakamali. Nahihiya siya sa kawalan niya ng pagpipigil sa sarili, pero noon lang kasi siya nasampal ng isang babae kaya nag-react siya.

Gayunpaman, kay Helene lang siya nawalan ng kontrol. At sa ikalawang pagkakataon.

Ano na nga iyong sinabi nito bandang huli? Noong inakala niyang mawawala na naman siya sa katinuan?

*“Hindi na ako ang dating inosenteng birhen na tinanggihan mo.”*

Kung alam lang nito kung bakit siya tumanggi.

Nakaplano na ang buhay ng dalaga noon at wala siyang maihahandog dito. Hindi niya nagawang samantalahin ang kahinaan ng babae at hindi rin niya magagawa iyon ngayon. Helene deserved the best.

“Ano’ng sira ng dating mattress mo?” tanong niya nang makalapit dito.

Tinapunan siya nito ng isang malisyosong tingin. “Naluma na namin ni Steve.”

Ipinikit niya ang mga mata at tahimik na nagbilang hanggang sampu nang lumayo ito.

“Ano ang palagay mo sa isang ito?” tanong nito habang gumagapang sa ibabaw ng isang kilalang brand, nahiga at saka nag-inat.

Nagsalubong ang mga kilay niya nang halos lumubog na ang katawan nito sa mattress.

“Hindi na mahalaga kung ano ang opinyon ko. Hindi naman ako ang hihiga diyan,” angil ni Jack.

May ibinulong ito na ang dating sa pandinig niya ay tila, “Hindi ka nakatitiyak,” bago tumagilid upang subukan ang higaan sa ibang anggulo. Naroon ang nakasisira ng ulong pagnanais na gumapang siya sa tabi nito, idapa ito, hapitin palapit sa kanya ang balakang at...

“May maitutulong ba ako? Magandang choice ’yan, Ma’am. Iyan ang pinakamabili naming brand.” Isang masayang tinig ang narinig niya mula sa kanyang likuran.

Muling humarap si Helene at binigyan ang salesman ng isang nakabibighaning ngiti. Sumimangot si Jack nang hindi niya namamalayan. Hindi na niya matandaan kung kailan siya huling tinapunan ng ngiti ng dalaga, iyong totoong ngiti na nakapagpapamangha sa kanya. Taon na, walo kung susumahin. Malinaw niyang naalala ang gabing nilapitan siya nito.

Bumuntot siya sa dalawa, nakikinig habang binobola ng salesman si Helene, nakamasid kung

gaano kadali para sa dalaga na tawanan ang bawat sabihin ng kaharap. Marami itong tanong, ilang ulit dingsumubokngibapangmattressathindimiminsang tinapik iyon upang ayain ang salesman na maupo sa tabi nito. Mapangahas ang pakikipaglandian nito. Tahimik lang siyang nakamasid habang patuloy siya nitong binabalewala.

“Masarap sa pakiramdam ang isang ito. Ito na lang ang kukunin ko.” Humawak ito sa braso ng salesman at marahan iyong pinisil. Doon na napuno si Jack.

Malapad ang naging ngiti ng lalaki. Nakahawak ito sa braso ni Helene at panay ang bulong nang lumapit ang dalawa sa isang mesa upang ayusin ang sales.

Nakaramdam siya ng galit nang marinig ang nakalolokong tawa ng dalaga na sinundan ng komentong kapatid lang siya nito.

“Sa labas lang ako,” sigaw niya. Hindi pa rin siya pansin ng babae.

---

Dalawampung minuto ang lumipas bago lumabas si Helene ng furniture shop. Lihim siyang napapatawa. Ang balak niya ay landiin si Jack, pero



hindi ito nakipaglaro sa kanya. Mas masaya palang panoorin ang unti-unti nitong pagkatupok habang nakikipag-flirt siya sa iba.

Hindinakaligtassakanya ang naging implikasyon noon sa binata. Ganoon din ang nangyari kay Steve.

Hindi gusto ni Jack na ma-involve siya sa ibang lalaki, sigurado siya roon. Ngunit hindi rin nito gustong tanggapin ang namamagitan sa kanila. Palaging ganoon ang sitwasyon. Tinatakan siya ng binata bilang pag-aari nito, ngunit hindi nito gustong tuluyang angkinin.

Nag-plaster siya ng isang kiming ngiti bago lumapit sa nakatalikod na binata.

“Handa na ako,” aniya.

Bumaling ito paharap; ang mga mata ay madilim at mapanganib, at ang mga kilay ay nag-isang linya na sa pagkabagot.

“Nakuha mo ba ang gusto mo?” malisyosong tanong ni Jack, patuyang kumurba ang bibig.

“At may iba pa,” masigla niyang sagot, ipinalo sa dibdib nito ang nakatuping resibo na hindi pa niya naitatabi. “May date ako sa susunod na linggo,” pagsisinungaling niya na sinabayan pa ng maarteng

kindat.

Iniwan niya itong nakaawang ang bibig at lumakad na pabalik sa kotse.

“Sleazebag ang lalaking ’yun,” sabi nito nang makapasok sa kotse.

“Bakit?” tanong ni Helene na totoong nalito. Pumihit siya paharap sa binata.

“Bakit?” tumatawang ulit nito at saka itinuro ang tindahan. “Gusto ka lang niyang maikama, halatang-halata naman. Hindi ka ba talaga marunong bumasa ng isang lalaking nagnanasa lang sa iyo?” Lumikha ito ng isang mapangutyang tunog at saka tumitig sa kanya.

“Kung ganoon, sleazebag ka rin pala.”

Kumislap sa inis ang mga mata ni Jack habang pinanood ang pagtalikod niya at pag-start ng makina. Itinikom niya ang bibig habang iniaatras ang sasakyan at sinadyang huwag itong tingnan. Biglang umalingawngaw ang malakas na tunog mula sa radyo. Sa isang galit na hampas ay pinatay nito ang nakaririnding tunog.

“Hey!” reklamo niya.

“Ano’ng ibig sabihin ng sinabi mo?”

“Oh, please! Alam mo na ’yun.”

“Hindi, Helene. Hindi ko alam.”

Masyadong kalmado ang tinig nito at gusto niya itong magwala.

“Gusto mo rin namang makipag-sex sa akin,” prangka niyang sagot. Hindi nito napansin ang palihim niyang sulyap nang huminto sila sa isang stoplight. “Okay lang iyon. Lahat naman ng lalaki, gusto ’kong madala sa kama. Sanay na ako. At gusto ko rin naman.”

Ilang ulit itong nagbuka at nagsara ng bibig ngunit wala namang maisagot. Bigla na lang itong napasandal dahil sa bilis ng kanyang pagpapatakbo. Binuhay niyang muli ang radyo, nakahanap ng isang classic rock station na alam niyang magugustuhan ng binata at saka lihim na ngumiti.

Mukhang magiging masaya ang nangyayari, naisip ni Helene.

“Ano’ng gagawin natin dito?” tanong ng binata nang huminto sila sa parking lot na katapat lang ng hanay ng mga sikat na fitness center.

Dumukwang siya sa likod ng upuan nito at hinugot ang kulay pulang gym bag.

“Ano pa, eh di, iwo-workout ang katawang pinoprotektahan mo. Hindi ko alam kung ano ang gagawin mo. Babalik ako mayamaya.”

---

Mainit ang ulo ni Jack nang sumunod sa dalaga sa loob ng gym. Mabuti na lang at tinanggap ang kanyang membership card dahil kabilang ito sa chain ng fitness center kung saan siya miyembro.

May isang maliit na lounge area kung saan maaari niyang panoorin si Helene habang naghihintay. Naghanap siya ng komportableng mauupuan, kumuha ng dyaryo at nagkunwaring nagbabasa habang pinanonood ito sa ibabaw ng mga pahina. Seryoso ang ekspresyon nito habang tumitipa ng buton sa treadmill at nagsimulang maglakad. Unti-unting bumilis ang lakad nito bago nito nakuha ang setting na gusto at sinimulan ang isang mabilisang warm-up.

Tutok at determinado ito sa pagwo-workout kung paanong ganoon din ito sa ibang bagay.

Labing-anim na taon lang si Helene noong una niyang makilala. Masayahin ito at nangangarap na maging isang doktor. At dahil mayaman ang ama ng dalaga, wala siyang duda noon na matutupad nito

ang pangarap.

Kapapanganak lamang ng bagong asawa ni Alec kay Cassidy nang una niyang makasama nang isang buong araw ang mga Crawfords. Inakala niyang magdaramdam ang panganay na anak ni Alec sa pagdating ng bagong babae sa pamilya, ngunit nagkamali siya. Maghapong nagniningning sa kasiyahan ang berdeng mga mata ni Helene. Naroon ang pagmamahal sa tuwing makikipaglaro ito sa bagong kapatid, at ang lahat ng kasiglahan nito ay lumipat sa kanya. Tanda pa niya ang malanding ngiti na ipinukol nito sa kanya noon.

Kalalabas lamang niya sa military, at sa dami ng lugar na kanyang napuntahan, nagkaroon na siya ng maraming karanasan sa mga babae magmula pa noong ganap siyang maging binata. Higit ang tiwala niya sa sarili kumpara sa ibang kaedadang niya. Twenty-three lang siya noon at malaki ang pagnanais na paluguran ang bagong amo na si Alec. Kinuha siya nito para humawak ng seguridad ng pamilya bilang kabayaran sa utang na loob nito sa kanyang ama na si Scott Paris. Dalawang ulit kasing nailigtas ng kanyang ama ang buhay nito noon sa Vietnam.

At dahil ang buong pamilya ang pangangalagaan

niya, ang susunod niyang araw sa trabaho ay nakadepende kung makakasundo niya ang mga ito. Ang ngiting ipinukol sa kanya ni Helene ay pumitik sa hormones niya, dahilan para mag-overdrive iyon. Ngunit hindi niya iyon ipinahalata. Sinuklian niya ito ng isang ngiti na may paggalang; isang ngiti na hindi nito ipagkakamali, at pagkatapos ay itinuon muli ang atensyon sa mag-asawa. Nangako si Jack na hindi niya ie-encourage si Helene kahit sa anong paraan. Hindi niya nais mawala ang tiwala ng employer niya sa kanya.

Sa kabila noon, hindi niya nagawang pigilan si Helene na akitin siya sa bawat pagkakataon. Isa itong malaking tukso, at... off-limits. Hindi lang dahil sa anak ito ng amo niya, kundi sa katotohanang wala pa ito sa sapat na gulang at wala siyang karapatang pangarapin ang isang paslit.

Hindi niya napaghandaan nang kusa nitong ialok ang sarili sa kanya noong gabing nag-eighteen ito. Legal na, ngunit hindi pa rin puwede.

Isang ama na ang turing niya sa tatay nito at mataas ang respeto niya kay Alec, kung kaya hindi niya pinagsamantalahan si Helene. Gaano man niya ito pinangarap.

Espesyal para sa kanya ang dalaga. May lakas

itong wala sa ibang tao. Nakatuon ang isip nito sa pagpasok sa kolehiyo, na nakatakda nitong gawin sa pagtatapos ng linggo. Naghihintay rito ang buong mundo.

Kung nagpadala si Jack sa kanyang pagnanasa, hindi na ito aalis. Batid niya iyon. Mas gugustuhin nitong manatili sa tabi niya. Dahil lang sa matinding paghanga, ibibigay nito sa kanya ang lahat, nang hindi humihingi ng kapalit. At sa bandang huli ay kasusuklaman lang siya nito. Sa ganoong paraan madalas nasisira ang buhay ng isang babae. Naalala niya ang mga salitang iyon noong oras na yakap niya sa kanyang mga bisig ang inosenteng si Helene. Kinailangan niyang pigilan ang sarili at gumawa ng paraan upang makalimutan siya nito.

Naglapat ang mga labi niya nang maalala kung gaano siya naging malupit sa dalaga. Hindi iyon sinadya, ngunit kailangang wala itong makitang rason para pagdudahan siya. Pinagtawanan niya ang mga halik nito, sinabing mas gusto niya ng mga babaeng alam ang kanilang ginagawa. Mga mapupusok na babaeng hindi naghihintay ng isang magarbong wedding ring sa pagtatapos ng gabi.

*“Hindi mga inosenteng birhen ang tipo ko.”*

Ipinikit niya ang mga mata, lumilok ang

pagkauyam sa sariling mga labi. Kung puwede lang, ibibigay niya ang lahat para lang maangkin ito. Tiyak na mamahalin siya nang buong sidhi ng isang babaeng katulad ni Helene na taglay na ang halos lahat ng bagay.

Subalit hindi niya kayang itapon ang respeto niya sa sarili. Hindi para sa sinumang babae. Kung sana ay hindi ito ganoon kadeterminado, hindi kataasan ang tiwala sa sarili, hindi matalino... baka sakali. Ngunit masyado itong malakas. Iyon ang umakit sa kanya. Bukod-tangi na si Helene Crawford para sa edad nito. Kung hindi, hindi niya magagawang tingnan ito nang higit pa sa pisikal nitong ganda.

Pinagsisihan niya ang gabing iyon. Ilang milyong ulit sa nakalipas na walong taon na hiniling niyang sana ay hindi niya ito pinakitunguhan nang ganoon. Kinasuklaman lang siya ng dalaga dahil doon.

Lumayo ito sa loob ng tatlong taon. Kahit sina Alec at Sandy ay nagtaka kung bakit ayaw umuwi sa mansyon ni Helene. Ang mga ito na ang dumadalaw sa dalaga. At dahil siya nga ang kanang kamay ni Alec, natural na kasama siya sa bawat lakad ng mga ito. Nabigla siya sa pagiging mailap ng panganay ng amo. Hindi niya napaghandaan kung paano pakikitunguhan ang isang Helene na isinara na ang



sarili para sa kanya. Sa harap ng mga magulang ay normal ito kung kumilos. Ngunit kapag silang dalawang ay hindi ito kumikibo. Alam niyang nasaktan niya ang babae at pinagsisihan niya iyon. Ngunit nanatili rin ang rason niyang ginawa lamang niya ang tama.

Noong unang beses niyang iniwan ang mga Crawfords nang isang buwan upang dalawin ang pamilya, noon lang umuwi si Helene. Dalagangdalaga na ito, ayon sa pagmamalaki nina Alec at Sandy. Naikuwento rin ng mag-asawa ang tungkol sa unang nobyo ng babae na nagustuhan ng mga magulang nito. Siya naman ay halos mamatay na sa selos.

Nalaman lang niyang nakipaghiwalay na ito sa nobyo nang marinig niya itong kausap ang madrasta. Nagbago na ang pakikitungo nito sa kanya. Nabawasan ang galit ngunit napalitan ng indifference.

Ang tanging nagsilbing suntok sa kanya ay ang apoy sa mga mata ni Helene. Ni hindi iyon nabawasan. Tinititigan siya nito sa paraang katulad noong eighteen pa lang ito; puno ng pagnanasa at ng isang bagay na hanggang ngayon ay hindi pa rin niya mahulaan.

Nakatitig si Jack sa dalaga habang bilanggo pa

rin ng mga alaala ng kahapon, nang mamalayan niyang nakatitig na rin ito sa kanya. Magkalapat ang mga labi nito at naniningkit ang nagtatanong na mga mata.

Kumaway siya.

Nanlaki ang mga mata niya nang sumenyas ito ng dirty finger. Pagkatapos ay bumaling ito sa katabing lalaki na kanina lang ay inisnab nito; ngumiti at ikinurap ang magagandang mata. Muntik nang madupilas ang lalaki ngunit agad ding nakabawi. Nagngingitngit siya habang pinapanood itong lumandi sa katabi.

Nang matapos ang dalaga at kumaway sa lalaking kausap, noon niya napagpasyahang hindi na niya hahayaang paglaruan siya nito hanggang sa mabaliw siya. Panahon na para siya naman ang kumilos. Parehas na silang nasa hustong gulang ngayon. Wala nang nakapagitan sa kanilang dalawa dahil alam na ni Alec ang lahat at may basbas na ito para ayusin niya ang problema nila.

Pumintig ang kanyang pagnanasa habang pinagmamasdan itong pumasok sa locker room ng mga babae. Ngunit sa sandaling nawala ito sa paningin niya ay may damdaming biglang lumukob sa kanya, isang damdaming hindi niya kailanman

kinilala.

Lumamlam ang kanyang ekspresyon.

---

Hinipan ni Helene ang bangs habang binubuksan ang locker door. Kinuha niya ang bag at basta na lang iyong ibinagsak sa puting plastic bench na nasa likuran. Hindi niya inasahang papasok si Jack sa gym at hihintayin siya. Ang akala niya ay masisiyahan ito sa sandali nilang paghihiwalay. Mukhang masyado nitong sineseryoso ang pagbabantay sa kanya.

Matapos maghubad ay nagbalabal siya ng tuwalya. Isiniksik niya ang damit sa loob ng bag at kinuha roon ang gamit niyang pampaligo. Saka lang niya ini-lock ang bag sa loob ng locker.

Pumasok siya sa isang bakanteng shower stall. Iniisip pa rin niya kung bakit si Jack ang pinili ng daddy niya para magbantay sa kanya. Mas kasundo ng binata si Cassidy.

Ang pagiging malapit nito sa kanyang kapatid ay animo tinik sa kanyang tagiliran. Hindi kailanman naging ganoon kagiliw sa kanya si Jack.

Mabilis na naging maligamgam ang tubig. Isinabit niya ang towel sa peg na nasa labas ng shower curtain

at pumasok. Nagdulot ng ginhawa ang pagdaloy ng tubig sa pagod niyang katawan. Binasa niya ang buhok at saka kinuha ang shampoo. Nagsimula na namang maglakbay ang isip niya habang naliligo.

Napangiti siya sa sarili nang maalala ang pagkayamot ng binata habang nilalandi niya ang lalaking katabi niya kanina. Isang bagay ang hindi nagbago sa paglipas ng mga taon; hindi pa rin gusto ni Jack na may ibang lalaki siyang pinag-uukulan ng atensyon.

Noong high school, kasama niya ito sa lahat ng naging dates niya. Naroong sumimangot, kunutan siya ng noo at panlisikan siya nito ng mga mata. Lihim niyang inisip na baka gusto siya nito para sa sarili kaya halos takutin na nito ang lahat ng lalaking umaaligid sa kanya. Katulad ng isang hangal na bata, bumuo siya ng isang walang saysay na pantasya batay lamang sa mga kilos nito, hanggang sa nangarap na siyang ikakasal sila balang-araw.

Napaismid si Helene. *Ganoon pala ako katanga*, tinawanan niya ang sarili. Kaya pala tinanggihan siya ng binata. Siguro ay nagmukha siyang isang lovesick na engot noon.

Puwede naman itong humindi na lang, naisip niya sabay singhot. Pinahid niya ang tubig sa mukha.

Sumandal siya sa dingding at nagpakawala ng malalim na hininga.

Ngunit sa halip, marami itong sinabing masasamang bagay na talagang sineryoso niya. Hinayaan niya itong saktan siya. Dala-dala niya hanggang kolehiyo ang masasakit nitong salita. Nagdesisyon siyang ibigay ang pagkabirhen sa unang lalaking magtatangka. Gusto niyang maging mapusok. Intensyon niyang ibato iyon sa pagmumukha ni Jack isang araw. Ngunit naging abala siya sa pag-aaral at nang magsimula siyang makipag-date, ikinukumpara naman niya ang lahat ng lalaki sa kanyang dating bodyguard.

Hanggang sa makilala niya si Robert.

Malaki ang pagkakatulad nito kay Jack kaya naging madali sa kanyang ilipat dito ang anumang damdamin niya para sa binata. Taglay nito ang gandang lalaki ni Jack, ang hurno ng katawan, ang malalim na boses. Nagmamaneho rin ito ng isang lumang *Mustang* kagaya ng binata. Kapag hinahawakan siya ni Robert, napakadali sa kanyang magkunwari...

Ginugol niya ang dalawang taon at ibinigay kay Robert ang lahat ng nais niyang ibigay kay Jack. Hanggang sa sabihin nitong may nais pa itong makuha

mula sa kanya... gusto nitong mag-eksperimento sila... sa isang threesome.

Hanggang ngayon ay naiiyak pa rin si Helene sa alaala.

Nagpasya siya noon na ang mga lalaki ay hindi karapat-dapat bigyan ng effort o pag-aksayahan ng luha. Sumumpa siyang hindi na hahayaang bolahin muli ng isang lalaki. Mula noon ay siya na ang namimili ng lalaki. Siya ang nagtatakda kung gaano ang itatagal ng kanyang relasyon. At sa tuwing makikipaghiwalay siya, hindi kasamang nasasaktan ang kanyang puso. Nasa kanya ang kontrol sa lahat ng oras. Iyon ang mas gusto niya. At hindi na siya nasaktan mula noon.

Tinapos niya ang paliligo. Humuhuni pa siya habang nagbibihis at naghahanda sa paglabas sa locker room.

Tumayo si Jack nang lumapit siya. Napansin niya kung paanong banayad ngunit may kasamang pananabik ang paghagod nito sa kanyang kabuuan. Nakaramdam siya ng kilig na dumaloy hanggang sa dulo ng kanyang mga daliri. Kung ito lang ang maibibigay sa kanya ng binata, nakahanda na siyang tanggapin, mapusok niyang pasya.

“Handa ka na?”

Bakit pakiramdam ni Helene ay higit pa sa pag-alis nila sa gym ang ibig nitong sabihin?

Namula ang kanyang mga pisngi dahil sa nanunuri nitong tingin. Pakiramdam niya ay bumalik siya sa pagiging dalagita. Nagawa lang niyang tumango. Sa unang pagkakataon, alam niyang papasok siya sa isang affair na hindi niya magagawang kontrolin ang kahit anong bagay— hindi ang kanyang damdamin, hindi ang sa binata, ngunit higit sa lahat, hindi ang kanyang puso.

*Nasisiraan ka na!* asik niya sa sarili, ngunit naroon naman sa mga labi ang isang ngiti. Masarap din minsang mawala sa sarili.

# 3

Bahagya siyang nangatal sa malamig na ihip ng hangin habang palapit sa driver side ng kotse. Sandali siyang natigilan nang mabuksan ang pinto. Natuon ang atensyon niya sa silver van na nakatigil sa kabilang kalsada na katapat din ng gym. Derechong nakatingin sa kanya ang driver niyon. Isang di-maipaliwanag na kilabot ang sumakop sa kanya. Sigurado siyang hindi niya kilala ang lalaki at sa layong fifty yards, hindi niya maaninaw ang hitsura nito sa likod ng marumi, mahaba at blond nitong buhok.

Sumakay na siya ng kotse, inihagis ang bag sa likuran at naghanda na sa pagmamaneho. Si Jack ay sinusubukang mag-adjust sa maliit na espasyo ng kanyang kotse. Nakakunot ang noo nito nang sipain ang isang walang-lamang plastic cup na pagulong-gulong sa flooring ng sasakyan.

Iniatras ni Helene ang kotse palabas ng parking lot. May sasabihin sana siya sa binata ngunit napansin niyang sa iba nakatuon ang atensyon nito. Nakatingin din ito sa labas, doon sa silver van. Naramdaman niya agad ang umahong tensyon sa katawan nito.

“Ano ’yun?” untag niya rito. Kapansin-pansin na



ang lalaking nakita niya sa van kanina ay wala na roon.

“Wala. Halika na.”

Dumukwang ito upang humanap ng isang radio station nang paandarin na niya ang sasakyan palayo sa parking lot.

“P’wede mo bang sabihin kung saan tayo papunta ngayon?” tanong nito.

“Mmm. Bukod sa pagbili ng bagong mattress at workout sa gym, wala na akong plano. Madalas kaming magkasama ni Steve. Ginagawa ang kung ano lang.” Ikinumpas ni Helene ang isang kamay bilang dagdag.

Nang sulyapan niya ang katabi ay tikom ang bibig ni Jack at nanliliit ang mga mata na para bang nakatuklas ng hindi maganda. Sumikdo ang kanyang sikmura. Ganoon din nito tinitigan si Steve kanina.

Maingat niyang binasa ng dila ang mga labi bago nagpatuloy. “Minsan, nanonood kami ni Steve ng pelikula,” halos bulong lang iyon. Idinantay niya ang dulo ng daliri sa kaliwang kamay nito na nakapatong sa tuhod.

“Doon kami sa pinakalikuran nauupo, d’un sa

pinakamataas na puwesto. Alam mo 'yun? Para kung sakaling malihis ang atensyon namin,” dugtong niya na ang tono ay parang sanay na sanay na.

Nalukot ang bibig nito na para bang sumubo ito ng isang dakot na bulate. Itinago niya sa kunwaring pag-ubo ang isang ngiti.

“Parang ang hirap paniwalaan na mag-aaksaya ka ng panahon na manood ng sine na hindi pumupukaw sa atensyon mo. Matindi ang focus mo.” Nagbigay-kasiyahan sa kanya ang di-tuwiran nitong papuri.

“Oo nga, pero hindi si Steve. At saka, gustung-gusto niyang dini-distract ako.” Nang magsalubong ang kanilang mga mata ay mapusok siyang ngumiti.

“Hindi siya mukhang matalino,” ungol nito.

“Hindi naman dahil sa talino kaya siya nasa piling ko, Jack.”

“Puwede bang ibahin na natin ang usapan?” angil ng lalaki.

Animo inosenteng tumitig siya sa mukha nito. “Jeez, saan galing 'yang ganyang attitude mo? Fine. Ano'ng gusto mong pag-usapan natin?”

“Wala!” singhal nito bago nilakasan pang lalo ang volume ng radyo.

Agad naman niya iyong hininaan.

“Helene,” mahina nitong banta.

“Alam mo, Jack, bahagi si Steve ng buhay ko. At kailangang masanay ka na doon.”

“Bahagi ng buhay mo, hmm?” anito.

Tumango siya. Umingos ito.

“Tigilan mo na ako. Alam ko ang klase ng palakad mo. At kung susundin ang usual pattern mo, ibig lang sabihin, matatapos na ang oras ni Steve,” anitong walang bahid ng pagbibiro.

Naningkit ang mga mata ng dalaga. “Usual pattern ko?” bulalas niya, magkasalubong na ang mga kilay at nanlilisik ang mga matang nakatitig dito. “Sinusubaybayan mo ba ako? Iyan ba ang binabayaran sa ’yo ng daddy ko? To keep tabs on who I’m seeing?”

“Seeing... hmm... that’s one word for it,” anas ng lalaki.

“Oh, baka naman mas gusto mong sinabi kong ‘f\*cking’?”

“Goddamn, Helene, naging isa ka nang—”

“Kung ano ang sinabi mong gusto mo, Jack.”

Narindi ang tainga niya sa katahimikang biglang bumalot sa kanila. Sumandal lang ito sa upuan, galit na nagbuga ng hangin at hindi na siya pinansin.

“Sa totoo lang, isang malaking pabor ang ginawa mo sa akin,” walang pakialam niyang patuloy na tinapunan pa ito ng seryosong sulyap.

Huminto sila sa isang stoplight. Ikinumpas niya ang mga kamay sa ibabaw ng steering wheel nang humarap siya rito, bumaba ang boses dahil sa drama.

“Itinaboy mo ako sa college na sugatan ang puso at pira-piraso ang mga pangarap. You made me ripe para sa isang siraulong pumasok sa buhay ko para tuluyang sirain ang lahat ng ilusyon ko tungkol sa mga lalaki.” Malupit siyang humalakhak.

“Mula noon, wala na akong maaaring puntahan kundi pataas. Marami akong natutunan tungkol sa mga lalaki at nagpasya ako kung paano tatakbo ang laro magmula roon. At hindi na ako nasaktan. Sa tuwing sawa na ako, umaalis sila nang may ngiti sa kanilang mukha at—”

May bumusina sa likuran nila. Inalis na niya ang pansin sa lukot nitong mukha. Tinapakan niya ang gas at tinawid ang intersection kasabay ng paghahabol ng paghinga.

“I have one more notch on my bedpost.”

Pagkatapos ay humilig siya paharap upang muling lakasan ang volume ng radio.

“Hanggang hindi ako nakakakita ng isang lalaking tatanggap sa akin bilang ako at kung ano ang kaya kong ibigay, the sky’s the limit,” pagtatapos ni Helene. Humilig siya sa binata at binigyan ito ng isang mainit at basang halik sa mga labi. Iniwan niya itong nakaupo pa rin sa loob ng kotse, tulala at sigurado siyang nag-iinit na.

Muntik na niyang marating ang apartment niya nang nag-iisa. Palabas na siya ng elevator sa kanyang palapag nang lumitaw si Jack mula sa stairwell, balisa at hinihinal.

“Ako muna ang papasok,” angil nito nang lagpasan siya. Nauna ito at dinukot ang isang susi mula sa bulsa.

Nasamyong niya ang cologne nito nang dumaan ito sa tabi niya. Kusang sinundan ng ilong niya ang nakabibighaning samyong habang nagpipista ang kanyang mga mata sa matipuno nitong likod. Lutang ang isip na kinailangan niyang biglang huminto dahil sa paglukob ng matinding pagnanasa sa katawan niya.

Lumingon ang binata. Nagtama ang mga mata nila nang may ilang segundo. Tumulay ang kuryente sa pagitan nila at wala sa sariling pinaglapit nila ang mga katawan. Bahagya itong yumukod habang siya naman ay tumingkayad. Ngunit bago pa may mangyari, bumalik na sila sa katinuan at mabilis ding naghiwalay.

---

Lihim na pinagalitan ni Jack ang sarili nang makapasok sa condo. Pakiramdam niya ay isa siyang horny teenage boy na wala na sa kontrol. Inutusan niya ang sariling bumalik na sa orihinal na tungkulin—ang protektahan si Helene.

Ibinagsak ng dalaga ang pinto at dumerecho sa sariling silid. Nakamasid si Jack sa mabilis nitong paglalakad papasok sa pasilyo. Mabigat siyang napabuntong-hininga at bahagyang nakaramdam ng ginhawa nang mawala ito sa paningin niya. Pumasok na rin siya sa kuwarto na ookupahin niya. Napapalatak siya dahil sa queen-sized bed na maayos na nababalutan ng matinkad at exotic na kobrekama. Nadidisenyuhan ang silid ng iba't ibang shades ng berde at may mga totoong halaman sa harap ng bintana. Simple at functional ang mga gamit. Napatango siya sa pagsang-ayon at pagkatapos ay

naalala na ang mga bag niya ay naiwan pa sa kanyang kotse. Napabuntong-hininga siya sa iritasyon.

Puwede siyang bumaba, kunin ang mga iyon at bumalik bago pa mamalayan ni Helene ang pagkawala niya. Hindi niya inisip na tatangkain nitong tumakas. Pero hindi rin niya ito bibigyan ng pagkakataong gawin iyon.

Kinatok niya ito sa silid nito.

“Sino ’yan?” tanong nito sa masayang tinig. Ang playfulness nito ay nagpaalala kay Jack ng dating teenager.

“Jaacckkk,” huni rin niya; ang ngiting kusang gumuhit sa mga labi ay naging malapad na ngisi.

Binuksan nito ang pinto para sa kanya. May portable phone na nakaipit sa balikat nito.

“Sandali lang,” anito sa telepono.

Para silang mga tanga na ilang segundong nakatitig lang sa isa’t isa. Tumikhim si Jack. “Bababa lang ako sandali. Kukunin ko ang mga gamit ko sa kotse. Pwede ka bang maghintay dito?”

“Sure,” pagpayag nito at saka isinara na ang pinto sa kanyang mukha.

Nanatili siya sa kinatatayuan, inaalisa ang mapanukso nitong ngiti na tumatak na sa kanyang isip. Gusto niyang malaman kung ano na naman ang binabalak nito. Umalis na siya nang maisip na kailangan niyang magmadali bago pa ito masangkot sa gulo.

“Oh and, Jack?”

Nilingon niya ang dalaga. Ulo lang nito ang nakalitaw dahil ang katawan nito ay nasa likod ng pinto.

“Kailangan ko uling umalis mamaya. Puwede ba tayong mag-dinner sa labas?”

Nakataas ang mga kilay ni Helene bilang imbitasyon. Muli ay ngumiti ito at naging palaisipan ulit sa kanya kung ano ang balak nito.

“Oo naman,” maingat niyang pagpayag.

“Mabuti.” Pagkatapos ay isinara na naman nito ang pinto.

Sumakay siya ng elevator pababa ng lobby, lumabas sa front door at nilakad ang pinagparadahan ng kanyang itim na SUV. Ini-unlock niya ang pinto at dinampot ang dalawang itim na bags. Habang ini-lock muli ang pinto ay palinga-linga siya sa paligid.



Bakante ang kalyeng iyon sa midtown Sacramento sa hapong iyon ng Sabado. May mangilan-ngilang mga sasakyan siyang napansin na nakaparada at isang lalaking iginagala ang maliit nitong puting poodle. Umikot ang mga mata niya sa rhinestone-studded pink sweater na suot ng aso.

Habang nilalakad ang bangketa patungo sa entrada ng condo complex, may kislap ng silver siyang napuna. Ang suspetsa niya, iyon din ang silver van na nakaparada sa tapat ng gym kanina. Nakahinto iyon sa isang eskinita, nakaturo ang unahan sa complex. Para mas makita nang maayos ang van, napaharang siyang bigla sa lalaking may dalang poodle. Nagulat ang aso at natural na magwala. Panay ang kahol at lundag nito sa pagnanais na protektahan ang amo.

Bigla siyang napaatras sa gulat. Nabitiwan ng may-ari ang leash ng alaga dahil sa pagkabigla. Kinagat ng aso ang pantalon ni Jack. Panay ang mura niya habang niyuyugyog ang maliit na hayop. Nakabawi naman ang may-ari, yumuko at dinampot na ang alaga. Panay ang hingi nito ng paumanhin habang pinagsasabihan ang nakaangil pa ring aso.

Isang maikling sulyap sa eskinita at alam niyang wala na roon ang silver van. Tinanggihan niya ang alok na bayad-danyos ng lalaki at nagmadaling

pumasok na sa complex. Initsa lang niya ang bags sa sahig hustong pagpasok sa double glass door at dinukot ang cellphone. May pinindot siyang number sa speed dial at naghintay.

“Si Theo ito.” Isang tinig ang sumagot matapos ang unang ring.

“Si Jack ‘to. Nasaan ba kayo? May isang silver van kanina sa labas, mukhang maayos pa at walang side windows.” Sinabi niya ang sa tingin niya ay gawa at model ng sasakyan. “Hanapin ninyo!”

“Got it.”

Ini-off na niya ang cellphone, dinampot ang bags at nagtungo sa elevator. Sandali lang ang biyahe at naroon na ulit siya sa loob ng apartment.

Napahinto siya sa bungad ng living room, napasinghap at napalunok habang nakatitig sa bagong outfit ni Helene.

Ano ba ang ginagawa nito sa kanya? Tumuwid ito mula sa bahagyang pagkakatuwad sa isang halaman. Bigla ay parang ang init ng pakiramdam niya. Naglakbay ang mga mata niya sa itim at hapit na damit na bumabalot sa dibdib at balakang nito na parang ikalawang balat. Litaw ang mga balikat nito, labas ang perpekto at maputing balat na matagal

na niyang gustong tikman. May dalawang straps na sumusuporta sa damit pataas.

“Ang laki naman ng mga bags mo. Hanggang kailan ba ang set-up na ito?” tanong nito habang naglalakad paikot sa couch bitbit ang isang ceramic na pandilig. Ibinaba nito ang hawak sa ibabaw ng dining table.

Namilog ang mga mata niya sa strappy, toeless at two-inch heels sandals na nagpapakita ng magagandang mga daliri. Niyugyog niya ang sarili nang mapansing nagsisimula na siyang maglaway dahil sa magaganda nitong paa. Alam niyang nagsalita ito ngunit duda siya kung may narinig siya sa mga sinabi nito. Ang tanging nasa isip niya ay kung kakulay ng panties ni Helene ang mga kuko nito sa paa.

“Jack?” untag nito na lumapit na sa kanya. Nakalatag sa balikat ang nakalugay nitong buhok at bahagyang tumatakip sa malulusog nitong dibdib. Pinatingkad pang lalo ng manipis nitong makeup ang mga mata at cheekbones ng dalaga. Ang mapipintog nitong labi ay kakulay ng toenails nito. Hindi niya magawang ialis ang mga mata kay Helene.

Paano siya makakapag-isip nang tuwid kung halos wala nang natirang dugo sa kanyang utak?

Bumaba nang lahat sa unang sulyap pa lang sa dalaga suot ang damit nito! May ibinulong si Jack tungkol sa pagtatabi ng bags niya at umatras palayo rito. Gumilid pa siya sa couch bago ito iniwang nagtatawa.

Mariin siyang napamura nang halos ihagis na niya ang mga gamit sa loob ng silid. Padabog niyang ibinagsak ang pinto. Kasamang nasarhan ang tunog ng mapanukso halakhak ng babae na humabol pa sa kanya hanggang sa may pasilyo. Sumandal siya sa saradong pinto. He was so aroused he felt he could explode at any moment. Inihilamos niya ang isang kamay sa mukha at sinikap alisin ang ulap ng pagnanasa sa kanyang utak.

Ano ba ang gusto nitong gawin niya? Inis siyang bumuntong-hininga, kinuha ang mga bag at ipinatong ang mga iyon sa kama. Itinaas niya ang isang binti at hinubad ang sapatos. Nakaramdam siya ng kaunting kasiyahan nang lumikha iyon ng malakas na tunog nang tumama sa dingding. Muntik na siyang mapalundag nang biglang nabuksan ang pinto. Nanigas siya sa kaba sa maaaring gawin ni Helene. Isang nakalalasang tingin ang ipinukol niya rito.

“Oo nga pala,” magalang nitong sabi, mukhang inosente ang mga mata kahit alam niyang hindi. “Imi-

meet tayo ng ka-date ko sa restaurant. Inaasahan kong magiging mabait ka ngayong gabi. Hindi katulad ng inasal mo kanina kay Steve,” sumbat nito; nanlilisik ang mga mata nang magpatuloy.

Nakadama naman si Jack ng pagnanais na ibato rito ang kahit ano, preferably ang sarili niya mismo.

“I plan to ‘get some’ tonight. Alam kong alam mo ang tinutukoy ko at ayokong masira ang mood dahil sa simangot mo.” Pagkatapos noon ay nawala na naman ito.

Ilang segundo rin siyang natigilan at hindi magawang huminga. *Inisip mo na nagbihis siya nang ganoon para sa ‘yo, hindi ba, Jack, ol’ boy?*

Napaungol siya nang matantong hindi niya ganap na naunawaan kung gaano kahirap itong pinasok niya. Malaki na ang ipinagbago ni Helene pagkatapos ng walong taon, at hindi na siya makasabay rito. Ni hindi na nga niya ma-imagine na ito rin ang dalagitang malambing na nag-alok ng sarili sa kanya. Siya ba ang responsable sa naging pagbabago nito?

Kailangan niyang makaipon ng kontrol bago siya lumabas. Kinalma niya ang sarili sa pamamagitan ng ilang malalalim na paghinga at mental exercises.

“Wala tayong buong araw, Paris. Kumilos ka na

kung di'y papasok ako diyan at ako ang magbibihis sa 'yo!"

Tuluyang napatid ang pagtitimpi ni Jack. Inihagis niya ang isa pang sapatos sa saradong pinto.

"Shut up, Helene!" sigaw niya at binuksan ang pinto. Napaungol siya nang makita ang kumekembot pa nitong anyo na nagmamadaling tumalilis sa pasilyo at nawala sa paningin niya.

# 4

Pinigil ni Helene ang may paghangang ngiti nang lumabas si Jack mula sa silid nito. Nakasuklay ang buhok nito palayo sa mukha, ang estilo at kapal ay animo nang-eengganyo sa kanyang mga daliri na guluhin iyon nang kaunti. Pinalitan nito ang kaswal na suot ng isang charcoal gray dress shirt na mahahaba ang manggas, itim na chinos at itim ding sapatos. Isang manipis na sinturon ang kumumpleto sa ayos nito. Minsan na niya itong nakitang nagsuot ng pormal na damit, isang tux pa nga.

Ikiniling niya ang ulo upang obserbahan ang binata. Kumakabog ang dibdib niya habang tinititigan kung gaano ito kagandang lalaki. Ngunit may isang bagay pa itong taglay. Mapanganib ito.

“Handa ka na?” Namilog ang kanyang mga mata dahil sa garalgal na tono ng sariling tinig.

Dumako ang mga mata nito sa pulang balabal na ibinato niya sa sofa habang nagbibihis ito. Tahimik nitong dinampot iyon. Masyado iyong nagmukhang feminine sa mga kamay ni Jack. Napansin niya kung paano nito iyon hinaplos nang may paghanga bago bumaling sa kanya.

“Ako na ang magsusuot sa ’yo,” anito na hindi derechong sinalubong ang kanyang mga mata.

Sandali siyang nag-alangan, tumitibok sa isang nagngangalit na ritmo ang kanyang puso. Lumapit siya at tumalikod. Magaang na humaplos sa balikat niya ang malambot na tela nang ipatong iyon doon ng binata. Lumapit ito nang mas malapit sa kanyang likuran, sobrang lapit na nararamdaman na niya ang init ng katawan nito na lumukob sa kanya. Sa taas ng kanyang takong, ilang pulgada lang ang taas nito sa kanya. Naramdaman niyang sumagi sa likod niya ang dibdib nito, ang balakang ng binata ay halos nakadikit na sa kanyang pang-upo. Naramdaman niyang bumilis ang kanyang paghinga at ang kanyang mga mata ay kusang pumikit.

Muntik na siyang mawala sa sarili nang maramdaman niya ang hininga nito sa kanyang tainga.

“Napakaganda mo,” hawak pa rin nito ang dulo ng balabal. Sumagi ang hinlalaki nito sa gilid ng kanyang dibdib nang ipatong nito iyon sa kanyang balikat.

“Oh...” Nanatili sa ere ang tunog na iyon habang mabagal itong humahakbang palayo sa kanya.



Narinig niyang naglakad si Jack patungo sa foyer. Ipinikit niya ang mga mata at humugot ng isang malalim na hininga. Pinaalala niya sa sarili ang tungkol sa nakaplano niyang gawin dito ngayong gabi.

Isang garalgal na halakhak ang kumawala sa kanya.

Ipinaypay niya sa sarili ang dulo ng balabal at saka sumunod sa binata.

Hindi na siya tumutol nang isuhestyon nitong ang sasakyan na nito ang gamitin nila. Sinabi niya ritong sa mall sila pupunta. Yumuko siya at tumikhim upang pagtakpan ang pagtawa dahil sa halata nang init ng ulo ng binata. Nananayong lahat ang mga balahibo niya dahil sa pagnanasa. Nakaramdam siya ng kasiyahan sapagkat batid niyang sumisingaw rin ang pangangailangan mula sa bawat pores ng balat nito. Masarap sa pakiramdam na gusto rin siya ni Jack. Higit na matamis ang binabalak niyang pagganti.

Ilang sandali pa ay nasa daan na sila. Isang lumang tribal drumbeat sound ang lumalabas sa speakers ng sasakyan. Puno ng kuryosidad na tinitigan niya ang kasama. Ngunit binalewala lang siya ng binata.

Classic rock ang dating paborito nito.

“Ba’t ganyan ang sounds?” tanong ni Helene.

“The drums make me feel good,” sabi nito sabay kibit ng balikat.

Itinikom niya ang bibig, naghintay na dugtungan ni Jack ang sinabi ngunit hindi na ito kumibo.

May pinindot ito sa CD changer. Makalipas ang ilang sandali ay malamyos na tunog naman ng talon ang pumailanlang. Nginitian niya ito na sinuklian nito ng kunot ng noo. Dumukwang ito uli para palitan ang tugtog. Pinigil niya ang kamay ng lalaki.

“Huwag, gusto ko n’yan. Hayaan mo na.”

May pag-aatubiling sumandal na ito sa upuan.

“Hindi ko matandaang nakikinig ka sa ganitong mga tugtog dati.”

“Nagme-meditate na ako ngayon,” mahinang sambit nito.

Naintriga, humilig si Helene dito. “Ano? Sinabi mo bang...?”

“Huwag mong gawin ’yan!” bigla ay singhal nito. Kapwa sila napatungo sa cleavage niya na halos lumabas na sa suot niyang damit.

May ngiti sa labing umayos siya ng pagkakaupo. “Sorry,” aniyang nagkunwaring suminghot at tumitig na lang sa mga tanawin sa labas ng bintana.

“Mabango ang cologne mo,” aniya nang huminto sila sa isang stoplight. Ang malakas na samyo ay kumiliti na sa kanyang ilong mula pa kaninang isinuot nito sa kanya ang balabal.

Nananantya ang tingin ni Jack sa kanya.

“Ano na naman?” panangis niya na itinaas pa sa ere ang dalawang kamay. “Hindi ba p’wedeng magbigay ng papuri ang isang babae?”

“Hindi ko alam ang binabalak mo, Helene—”

“Green na ang ilaw,” putol niya na tumuro sa unahan.

“Tumigil ka na,” singhal nito.

“Wala naman akong ginagawa.”

May bumusina sa likuran nila. Pinaandar na nito ang sasakyan. Nakatitig pa rin ito sa kanya hanggang sa ngumiti na lang siya at una nang umiwas.

Tahimik na sila hanggang sa makarating sa mall. Nakakita si Jack ng parking spot at doon ipinarada ang sasakyan. Magkahiwalay silang lumabas at

naglakad. Nang makapasok sa mall ay magkatabi na sila, sabay na naglalakad ngunit malayo pa rin sa isa't isa.

Nakita ni Helene ang neon sign ng isang lingerie shop. Napailing si Jack nang hilahin niya ito papasok.

Isang babae ang agad sumalubong sa kanila. Sinabi niyang magtitingin-tingin lang sila at nagtuloy na sa loob ng maliit na tindahan. Puno ng sexy garments ang lahat ng dingding, mga garments na nagpapula sa mukha niya. Nakatikom ang kanyang bibig habang hinahawi ang linya ng mga teddies hanggang sa may makita siyang tiyak na gugulat kay Jack.

“Tiger print, crotchless, sequined, leather,” bulong niya. “A-ha! Ano’ng tingin mo dito,” aniya na hawak ang isang red leather one-piece na may garters.

Gumalaw ang panga ng binata, pero wala itong sinabi.

“Hindi mo gusto,” aniyang nilangkapan pa ng hinanakit ang tinig.

“Wala akong sinabi!”

“Well?” tanong niya na isinukat pa ang garment

sa sarili.

“May mga butas,” mahinang sambit nito.

“Yeah. Siguradong sakto lang sa nipples ko at—” malakas niyang sagot.

Halos lumuwa ang mga mata ni Jack. Bigla itong tumalikod at lumabas.

Napahalakhak si Helene. Hinanap niya ang size niya at binayaran iyon sa kahera. Nasisiyahang lumabas siya ng tindahan bitbit ang unang pinamili. Natagpuan niya ang lalaki na nakasandal sa dingding sa labas ng tindahan at nakatingin sa kawalan.

“Ready na ako,” deklara niya. Sumabay ito nang maglakad siya. Nang sulyapan niya ang lalaki ay nakita niyang nakatitig ito sa bag na nakapagitan sa kanila. Matinding galit ang nabasa niya sa mga mata nito nang sumulyap ito sa kanya. Muntik na tuloy niyang kalimutan ang plano niya rito mamayang gabi.

Bumaling ito sa ibang direksyon. Pinanatili naman niyang matigas ang damdamin.

“Iyan lang ba ang ipinunta mo rito? Kung ’yan lang, maling direksyon ang nilalakad natin.”

Pinag-isipan ng dalaga kung hanggang saan niya ito puwedeng inisin. Nagpasya siyang magpatuloy.

“Mmm. Hindi. May isang lugar pa,” bulong niya. Pinauna siya ng binata. Nasa tapat sila ng *Victoria’s Secret* nang tumunog ang cellphone nito. Dahil distracted, madali niya itong nahila papaloob ng store.

Nasa gitna sila ng tindahan ng pabango nang may marinig siyang sinabi nito sa telepono. Naramdaman niya ang bigla nitong paghila at pagpisil sa kanyang kamay. Natuon dito ang buo niyang intensyon.

“Ano sa tingin mo ang ginagawa mo?” anito sa mapanganib na tono na bahagyang nagpaatras sa kanya. Pagkatapos ay sinabi naman nito sa telepono, “Hindi ikaw. Kausap ko ang anak mo.”

Umangat ang isang kilay ni Helene. “Hi ’ka mo, sabihin mo kay Daddy.”

Sumulyap siya sa paligid ng tindahan, desididong makakita ng kakaiba. Hanggang sa matagpuan na lamang niya ang sariling lumilibot na sa loob. Nawili siyang haplusin ang bawat tela at mga nakakaakit na satin at lace. Hinalungkat niya sa rack ang size na printed panties na akma sa kanya. Naghanap din siya ng matching bras. Tiningnan din niya ang rack ng mga summer satin pajamas. Hindi na muna niya inisip si Jack dahil alam niyang matagal mag-usap ang binata at ang daddy niya.

Sunod siyang nagtungo sa fragrance section. Una niyang hinanap ang paboritong warm vanilla scent at nagwisik ng kaunti bago nilibot ang silid at pinagsawa ang sarili sa pag-amoy ng mga pabango.

Bigla niyang naramdaman ang presensya ni Jack sa kanyang likuran. Nanigas siya, hindi tiyak kung ano ang makikita sa sandaling harapin ito. Magiliw ang ekspresyon sa mukha nito habang pahalukipkip na nakasandal sa dingding at nakabantay sa kanya. Sa unang pagkakataon noong araw na iyon ay mukha itong relaxed.

Bahagya siyang na-guilty dahil sa ginawa niya rito at sa pinaplano pa niyang gawin mamaya. Pinaalala na lamang niya sa sarili na sinaktan siya nito noon. Ngunit maging iyon ay hindi na tama sa palagay ni Helene, hindi kung ganoon ito kagiliw makatitig sa kanya. Sa unang pagkakataon, naisip niya kung nagsabi nga ba si Jack ng totoo noong gabing durugin nito ang kanyang puso.

Iniiwas nito ang mga mata at umalis sa pagkakasandal.

“Nagugutom na ako. Anong oras tayo kakain?” tanong nito habang patamad na lumalapit sa kanya.

Halos magkandahulog ang mga napili niyang

bilhin nang silipin niya ang oras sa kanyang relo.

“Isang oras pa. Kailangan ko lang bayaran ang mga ito at puwede na tayong umalis.” Namumula siya. Kinakabahang sinuklay niya ng isang kamay ang buhok.

Halos mag-isang linya na lang ang mga mata ng lalaki, na para bang ang ginawa niya sa buhok ay nakaapekto rito. Itinaas nito ang isang kamay at ibinaon sa mahahaba’t makikintab na hibla. Bago pa niya namalayan ay nahila na siya at nahalikan ng binata. Naipikit niya ang mga mata habang ninanamnam ang pakiramdam ng magkalapat nilang mga labi. Sa tamis ng halik nito, hindi malayong mag-breakdown siya at humagulgol sa gitna ng *Victoria’s Secret*. Itinaas nito ang ulo at sinalubong ang kanyang mga mata. Inalis ni Jack ang pagkakahawak sa kanyang buhok. Pinaglandas nito ang isang hintuturo pababa sa gilid ng kanyang mukha. Awtomatikong nangatal ang buong katawan niya dahil doon.

“Patawarin mo ako kung nasaktan kita noon. Dapat ay hindi ko iyon ginawa. Pero masyado ka pang bata noon, Helene. At ayokong sirain ang buhay mo.” Isang masuyong halik sa tungki ng ilong ang muli nitong ibinigay bago siya iniwang nakatulala.

Ikinurap niya ang mga mata upang hindi



mapaiyak. Paanong sa ilang masuyong salita lang ay nagawa nitong buwagin ang depensa niya?

Ibinaba ni Helene ang pinamili sa counter at sumulyap sa entrada ng tindahan. Nakatingin si Jack sa kanya. Bahagya itong ngumiti at saka lumayo sa line of vision niya.

Damn the man anyway! Gusto pa rin niyang maghiganti. Eh, ano kung nagsisisi ito ngayon? pabalang niyang naisip habang iniabot ang credit card sa kahera. Inaasahan ba talaga nitong kalilimutan na lamang niya ang galit na inalagaan niya sa puso sa loob ng walong taon?

Pinirmahan niya ang resibo at kinuha ang bag sa nakangiting kahera. Nagawa naman niyang gumanti ng ngiti. Bago pa siya nakalabas ng tindahan ay naibalik na niya sa dati ang sarili. Kaagad siyang lumapit sa binata at dinuro ito sa dibdib.

“Ngayon nagsisisi ka? Bakit ngayon lang, Jack? Bakit hindi noon? O kaya five years ago? O kahit kahapon?”

Ang pagkabigla ni Jack ay nauwi sa pagkagilalas. “Nasisiraan ka na talaga. Nag-sorry na nga ako, pero heto’t inaaway mo pa rin ako? Naman, Helene!”

“Siguro dahil hindi ko kailangan ng sorry mo,

Jack Paris!” Tumalikod siya at umalis. Humabol ito.

“Alam mo, naisip ko lang na nagkamali ako sa iyo all these years.”

“Whatever.”

“Isa kang spoiled little brat rich girl. Sanay ka na nakukuha ang lahat ng gusto sa oras na magustuhan mo.”

“Go to hell, Jack.”

“Ni hindi ka nakaranas ng kakulangan sa buong buhay mo.”

Bigla siyang humarap dito at ibinalibag ang dalang packages sa tapat ng pundya nito. Napaigik ito sa sakit.

“That was low, even for you,” angil nito.

“Limang taon lang ako nang mawalan ako ng ina, Jack. Kung ini-spoil man ako ng daddy ko para punan ang kakulangan sa buhay ko, nagpapasalamat ako sa kanya. Kahit paano, he cared enough para gustuhing lumigaya ako. Ikaw rin ba gan’un?”

Nakita niya ang pagguhit ng sakit sa mga mata ng kaharap nang maunawaan nito ang sinabi niya. Nakaramdam siya ng hiya dahil sa inasal sa harap nito

kaya kaagad siyang umikot at iniwan itong nakatayo lamang doon.

Binalot ng katahimikan ang biyahe nila patungong restaurant. Nang iparada ng binata ang sasakyan, sa buong buhay niya ay noon lang siya nasiyahang makababa ng kotse. Mabilis niya itong iniwan at pumasok sa mamahaling kainan. Kinausap niya ang hostess tungkol sa kinuha niyang reservations at saka naupo sa lounge para maghintay.

Pumasok si Jack at sandali silang nagkatitigan bago ito dumerecho sa bar. Tikom ang bibig na pinagmasdan niya ito habang umo-order. Ininom agad nito ang shot ng whiskey na inilapag ng bartender sa harap nito. Yamot na iniiwas niya ang paningin nang um-order pa ito ng isa. Ngunit bumalik pa rin sa binata ang kanyang mga mata. Nang sumulyap ito sa kanya ay itinaas nito ang shotglass sa ere at saka inisang lagok kagaya ng ginawa nito kanina. Naglabas ito ng pera sa wallet at inilapag iyon sa counter nang maibigay rito ang huli nitong order, isang baso ng pinot noir. Lumapit ito sa kanya at ibinigay ang baso. Paborito niyang alcoholic drink iyon.

“Binabawi ko na ang apology ko.”

Sa unahan lang siya nakatingin. Masyado siyang galit para magsalita.

“At pati na rin ang halik,” dagdag nito.

“Walang kuwenta ang mga halik mo, Jack. Pinakawalang kuwenta sa lahat ng mga natikman ko na.”

“Dapat lang na alam mo, dahil sanay ka na.”

“And hello, Darlin’. Mukhang nakarating ako sa oras.” Napalingingon siya sa dako ng nagsalita.

“Salamat sa Diyos!” taimtim niyang sambit at yumakap na sa matangkad at guwapo niyang date. “Jack, ito si Danny Armstrong. Danny, ang bodyguard ko, si Jack Paris.”

Nakamasid lamang si Helene habang sinusukat ng tingin ng bodyguard niya ang bagong dating. Alam niyang wala itong makikitang mali kay Danny. Taglay ng huli ang surfer-boy look; mangasul-ngasul na mga mata at kaakit-akit na ngiti. Inilahad nito ang isang palad kay Jack at naisip niya kung nasa tipo nito ang maging bastos. Mukhang nanaig naman ang magandang asal dahil mahigpit nitong kinamayan si Danny.

“Sandali lang, sasabihin ko lang sa hostess na narito ka na.”

Kinawayan niya ang dalawang lalaki matapos

kausapin ang hostess. Sumunod silang tatlo sa babae tungo sa isang maliit na table na naka-set para lang sa dalawang tao. Inalalayan siyang makaupo ni Danny bago ito lumigid sa katapat na upuan.

“Helene—” angil ni Jack sa paraang kinasanayan na niya sa buong araw.

“Dito po ang table n’yo, Sir,” sabi ng hostess na tinungo ang isang mesa na malapit sa kitchen doors ngunit kita pa rin iyon mula sa iba.

Umangat ang matatapang na mga mata ni Jack.

“Inisip mo bang makakasalo ka namin? Isa itong date, remember? Nagpapasalamat nga ako, Danny, na hindi mo gustong mag-cancel matapos kong ipaliwanag sa iyo ang sitwasyon.” Binigyan niya ang binata ng isang matamis na ngiti at ipinatong pa ang isang palad sa kamay nito.

Nagtataka si Helene kung saan natutunan ni Jack ang sobrang pagpipigil gayong namumuti na ang mga buto sa likod ng palad nito dahil sa galit.

“S’abi ko na nga ba. Steve is history.”

“Oh no, Love, kasama ko pa rin si Steve. Pero si Danny... tingnan mo siya. Siya ang aking...” Tunitig siya sa binata na animo naubusan siya ng salita.

“After-dinner drink?” dugtong nito na sinabayan ng tawa at isang pilyong kindat.

“Mmm. Oo, gusto ko ‘yan.” Dinala niya sa kanyang labi ang kamay nito at hinalikan.

“At hindi na ako makapaghintay hanggang matapos ang dinner.”

Lumayas si Jack nang wala ni isang salita.

Isang oras at kalahati ang lumipas at pakiramdam ni Helene ay mapupunit na ang panga niya sa kangingiti.

“Mukhang pagod ka na,” bulong ni Danny habang nilalaro ang mga daliri niya sa magkadaop nilang kamay.

Hinainan sila ng kape pagkatapos ng dinner. Masaya ang hapunan, pero wala siyang gana. Pakiramdam niya ay matutusta siya ng nag-aapoy na mga titig ni Jack mula sa kinalalagyan nito.

“Hindi gaanong maganda ang araw ko, Dan. Hindi ko alam kung paano kayo pasasalamatan ni Wyatt para dito.”

“Walang problema. Para saan pa ang pagiging magkaibigan? Ang masasabi ko lang, ito ang pinakamalupit na trick na tinulungan kong i-pull off.

Sigurado kang hindi ako papatayin niyan?” tanong nito na kaswal na sumulyap sa bodyguard niya. “Mas mukhang mainit pa siya sa firecracker. Sa maraming bagay, ang ibig kong sabihin.”

Napatawa siya. “Tandaan mo lang na ikaw ang date ko, hindi siya. Isipin mo si Wyatt. Bumalik ka sa akin, Danny,” pabirong bulong niya.

“He’s adorable. Para talagang nakita kong umuusok ang tainga niya.”

Sabay pa silang humalakhak. Nakatulong iyon upang makalimutan niya ang galit kay Jack Paris. Nagkaroon ng patlang sa kanilang pag-uusap nang sumulyap siya sa gawi ng bodyguard.

Nakatingin ito sa relo habang umiinom ng kape.

“Handa ka na sa phase two?” bulong na naman niya, biglang dumaloy ang enerhiya sa kanyang katawan.

“Akala ko’y hindi mo na itatanong.”

---

“Ano’ng ginagawa mo?”

Nasa parking lot na sila. Nakasakay na siya sa kotse ni Danny nang hawakan ni Jack ang isa niyang

braso.

“Kay Danny ako sasabay. Pupunta kami sa bahay niya.”

“Mamamatay ang daddy mo kapag nalaman niya ito,” huli nitong sinabi bago nagmartsa palayo.

Maikli lang ang biyahe mula sa restaurant. Narating kaagad nila ang one-storey na puting bahay ni Danny. Nakaibis na siya ng sasakyan nang makita ang paghinto ng itim na SUV ni Jack sa may kurbada. Ibinaba nito ang salamin ng bintana at pinatay ang makina ngunit hindi tumingin sa kanya.

“Sigurado kang gusto mo pa ring gawin ito?” nag-aalalang tanong ni Danny.

Nangunot ang noo niya. “Tingin ko’y asar na asar na ’yan. Okay lang. Teka sandali, babalik ako agad.”

Masakit na ang kanyang mga paa. Hindi na siya makapaghintay na hubarin ang suot na heels. Mabagal na lumingon si Jack nang makalapit siya. Sumandal siya sa bintana.

“Kailangan ko n’ung bag, Jack... ’yung sa lingerie store.”

“Kunin mo’ng mag-isa.”



“Jack... ass,” mahinang ungol niya, sapat para marinig nito. Umikot siya sa kabila at binuksan ang pinto. Nang makuha ang kailangan ay pabalibag niya iyong isinara at lumapit muli kay Danny. Magkahawak-kamay nilang nilakad ang maikling distansya papasok sa bahay.

Sa labas ay tahimik lang na nakaupo si Jack. Binuhay niya ang radyo nang hindi na matiis ang matinding katahimikan. Tunog ng dumadaloy na tubig sa talon ang nagpakalma sa kanya.

---

Suot ang mahabang t-shirt na ipinahiram sa kanya ni Danny at nahubad na ang heels, natagpuan ni Helene ang kaibigan sa sala habang nagsasalang ng CD sa player. Nakakahawa ang ngiti nito nang humarap sa kanya. Itinaas nito ang baso ng alak para sa isang toast.

“Sa paghihiganti. At ipaalala mo sa aking hindi kita dapat kalabanin kahit kailan, Sweetie.”

Ininom niya ang laman ng kanyang baso. “Sa paghihiganti. Sayaw na tayo, kailangan kong magmukhang pawisan.”

Mabuway ang lakad ni Helene at mukhang pagod na pagod nang lumabas ng bahay makalipas

ang ilang oras. Bitbit niya ang sapatos at tinutuwid ang sinadyang nilukot na damit. Sumulyap siya kay Jack ngunit masyadong madilim para makita ang mukha nito.

Umikot siya sa kotse, binuksan ang passenger door at sumakay.

“Handa na ’ko,” huni niya habang ikinakabit ang seatbelt.

Binuksan nito ang ilaw sa loob, pinagmasdan ang pawisan at magulo niyang buhok, ang pagod na hitsura, ang nalukot na damit at...

“Nasaan ang balabal mo?”

Nangunot ang kanyang noo.

“Ginamit kong panali kay Wyatt sa kama.”

Sa isang marahas na pitik ay binuhay nito ang makina, pinatay ang dome light at halos tumili na ang mga gulong na pinaandar ang sasakyan pabalik sa condo ng dalaga.

“Nawawala ka na ba talaga sa katinuan mo?” Nagsimula itong sumigaw habang inililihis ang sasakyan sa unang kanto at muntik pang mabunggo ang mailbox na nakatayo roon.

Dahil sa takot ay mahigpit siyang napahawak sa armrest.

“Hindi mo ba alam ang panganib ng pagkakaroon ng multiple partners? God, sana lang ay gumamit kayo ng condoms! Alam mo ba kung anu-anong sakit ang naglipana sa paligid? Ano na ang nangyari sa iyo? Hindi ka dating ganyan. Jesus, Helene...”

“Jack...” Patuloy ito sa panenermon habang animo demonyo kung patakbuhan ang sasakyan.

“God, Helene, hindi ito ang buhay para sa ‘yo. Wala kang mapapala sa pagbe-bed-hopping. Ginagamit ka lang nila. You’re too damn good for that!”

Bigla nitong tinapakan ang brake sa isang stoplight at muntik pang dumulas ang sasakyan sa gitna ng intersection.

“Naririnig mo ba ako?” sigaw ni Jack na pinandilatan pa siya ng mga mata. “Nasa ‘yo ang katangiang hindi ko nakita sa ibang babae. A drive to be anything you want. But Baby, kung gusto mong gawin ang lahat, kailangan mo ring gumamit ng common sense. Nakikinig ka ba?”

“Oo,” bulong ni Helene, nakatitig sa kumikislap na luha sa mga mata ng binata.

Pinaandar nitong muli ang kotse at tinawid ang intersection. “Kung ako ang nagtulak sa ’yo dahil sa mga sinabi ko noon, then... well... oh, God.”

Nanuot ang katamihikan sa loob ng sasakyan. Nakatitig lang siya, namamangha sa sunud-sunod na paggalaw ng Adam’s apple nito para lang pigilan ang mga salitang masakit para rito na bigkasin.

“You’re better than this,” sa wakas ay bulong nito.

Namalayan na lamang ni Helene na umaagos na ang luha sa kanyang mga pisngi. Ni minsan ay hindi pa siya nakaranas ng ganito kasamang pakiramdam. Isang masamang biro na paglaruan ang damdamin ng binata. Binalaan na siya nina Danny at Wyatt ngunit nang oras na iyon ay wala pa siyang pakialam. Gusto lang naman niya itong gantiyan sa ginawa nitong pagtangga sa kanya kaninang umaga... Diyos ko, kanina lang bang umaga iyon?

Inihinto ni Jack ang sasakyan sa labas ng kanyang complex, at halos umuga ang buong SUV dahil sa ubod-lakas nitong pagbalibag ng pinto.

Matapos damputin ang *Victoria’s Secret* na paper bag, umibis na siya at sinundan ang galit nitong paglalakad. Kapwa sila tahimik nang sumakay ng elevator.

Naunang lumulan si Jack, ni hindi man lang nagbukas ng ilaw at basta na lang tinungo ang pasilyo.

Nanginginig siya nang ilapag ang bag sa kitchen counter. Malakas siyang nagbuga ng hangin, tinuyo niya ang mga mata at inilibot ang tingin sa madilim na kusina. Nakaramdam siya ng pag-iisa. Binaybay niya ang pasilyo para pumasok sa sariling silid. Pagod siya mula sa emotional roller coaster na sinakyan niya buong araw.

“Gumamit kayo ng condoms, tama?” Muntik na siyang mapatalon nang biglang umalingawngaw ang tinig nito sa dilim.

“Oh Jack,” bulong ni Helene, at bigla ay napahagulgol na lang. Nabilanggo siya sa mga bisig ng binata. Ibinaon nito ang mga daliri sa kanyang buhok at hinila ang kanyang ulo patingala para mahalikan siya.

# 5

Hinalikan siya nito—matamis, masuyo. Yakap siya nito ngunit hindi masyadong mahigpit.

“Helene,” anas ni Jack, iniangat ang ulo upang matitigan ang kanyang mga mata. “Hayaan mong ipakita ko sa ’yo kung ano ang tama.”

Halos matunaw siya sa init nito. Gumalaw ang mga braso niya paikot sa baywang nito. Ang kanyang mga palad ay lumapat sa likod ng binata. Tumingkayad siya at hinanap ang mga labi nito.

Napabuntong-hininga siya sa kasiyahan sa pakiramdam ng mga daliri nitong nakabaon sa kanyang buhok at nagmamasaha. Mainit ang hininga nito sa bawat masuyong pagkilos ng bibig nito sa kanyang mga labi. Walang pagmamadali sa kilos nito. Nagsimula siyang maliyo sa pagpipigil sa sarili na huwag buksan ang bibig at hayaan itong saliksikin ang bawat sulok niyon.

“I want you so badly, Helene. Kay tagal kong ninais na maramdaman ka nang ganito,” pabulong nitong amin sa pagitan ng kanyang mga labi. Hinalikan nito ang sulok ng kanyang bibig, sumipsip

sa kanyang pang-ibabang labi. He used his tongue just a fraction, sapat lang upang takamin siya, bago nag-iwan ng bakas ng mga halik mula sa kanyang labi papuntang tainga.

Dear God, ni hindi pa niya naranasang mahalikan nang ganito. Napakasuyo. Nagkabuhol na ang kanyang emosyon habang ang mainit nitong hininga ay pumuno sa kanyang tainga, hinahalikan siya at ibinubulong na itatama nito ang lahat. Mula sa kung saan ay pumatak ang kanyang luha.

Kumalas siya; namamanghang gusto pa rin siyang hawakan ni Jack. Alam niya kung ano ang iniisip ng lalaki. Naalala niya kung gaano ang galit nito nang sumakay siya sa kotse kanina. Gusto niyang malaman kung pagsisisi lang ang nagtulak dito.

“Ano ’yun, Sweetheart?” tanong nito, ginagap ang kanyang mukha at tinuyo ng dalawang hinlalaki ang luha.

“Hindi ko maintindihan,” halos pabulong niyang sambit, larawan ng pagkalito nang tumingala siya rito. “Pagkatapos kanina, akala ko’y—”

“Pandidirihan? Kasusuklaman kita?”

“Oo,” amin niyang napakagat sa ibabang labi.

Marahas itong umungol at mariin siyang hinalikan. “Helene, hindi kita dapat itinaboy noon. Hindi ko dapat sinabi ang mga salitang binitiwang ko.”

“Eh, bakit mo ginawa?” anas niya. Mahigpit na magkadaop ang kanilang mga palad.

Madilim sa pasilyo. Ang nakikita lamang niya ay ang anino ng mukha nito. Sa paningin niya ay tumigas ang ekspresyon ni Jack at nag-isang linya ang bibig. “Kailangan kitang itaboy. Masyado ka pang bata.”

Itinaas niya ang isang kamay para haplusin ang magaspang nitong panga. “Masyado akong bata, hmm?”

“Sobrang bata,” garalgal nitong sambit, inilapit pang lalo ang mukha sa kanya. Naramdaman niya ang mainit nitong hininga sa kanyang balat. Nanindig ang kanyang mga balahibo at parang hinalukay ang kanyang tiyan.

“At masyado bang napakahirap sa ’yong mahalina ako noon?” bulong niya sa mga labi ni Jack.

Umungol lang ito at muli ay mariin at matagal siyang hinalikan. Pumulupot ang mga daliri niya sa buhok nito at hinila pa ito palapit. Kumalas ito sa pagkakahalik sa bibig niya, bumaba ang mga labi



upang kagat-kagatin ang parteng nasa ilalim ng kanyang tainga, kung saan nagtagpo ang leeg niya at panga, bago bumaba pa sa may bandang lalamunan.

“Ganoon nga ba?” ulit niya. Iniangat niya ang ulo nito upang matitigan ito sa kabila ng dilim.

“Oo,” anas nitong may halong sakit. Inalis nito ang pagkakapulupot ng mga braso sa kanyang katawan.

Batid niya sa kaibuturan ng kanyang puso na noon pa man ay may pumipigil na sa binatang lapitan siya. Hindi nga lang niya alam kung ano iyon. May malaking bahagi ng pagkatao nitong nanatiling malayo sa kanya. Nasilip iyon ni Helene noong bata pa siya, ngunit nanatili itong aloof emotionally samantalang siya ay lubos na binuksan ang damdamin.

“Bakit?”

“Dahil puwede mong hingin ang lahat sa 'kin!”

“Kaya ko ring ibigay ang lahat ng mayroon ako sa 'yo,” taimtim niyang bulong.

“Hindi ko gustong kunin ang lahat,” malupit nitong ganti, paangil na umangat ang mga labi. “Hindi mo ba nakuha? Twenty-five ako, eighteen ka. It was all about lust.”

Kapwa sila hindi makapagsalita nang may ilang segundo. Maingat siyang umatras, dinagdagan ang distansya sa pagitan nila, sa pisikal at emosyonal na aspeto.

“Siguro pinagtatawanan mo ako n’un dahil sa katangahan ko.”

“Hindi.” Inabot ni Jack ang isa niyang kamay ngunit muli siyang umatras. Hindi na nito tinangkang lumapit.

“Nakaramdam na ako ng lust. Kahit bago ka pa dumating, at maraming ulit pa mula noon. At tama ka. Iyon nga lang iyon. Iyon lang.” Sinundan niya ng isang matining na halakhak ang sinabi.

“Helene,” ungol ng binata, umiling ito na animo itinatanggi ang sinabi niya.

“Iyon nga lang ’yun talaga,” ulit niya. Pakiramdam niya ay nangangapos ang kanyang paghinga. “Hindi ako nakipag-sex kay Danny. O kay Wyatt.” Humugot siya ng isang malalim na hininga.

Bigla itong natulala.

Binasa niya ng dila ang mga labi, biglang nakaramdam ng kaba dahil sa kalamigan nito.

“Gusto lang kitang gantihan... dahil kanina...”

dahil sa nangyari walong taon na.”

“Nagsinungaling ka sa akin?”

“Hmm.”

“Hinayaan mong isipin ko na nag-threesome kayo?” Naging mahina at mapanganib ang tinig nito.

“Nag-isip lang ako ng paraan kung paano ipapakita sa 'yo kung gaano ako naging malandi. Alam mo, 'yung sinabi mong gusto mo.”

“Have you ever had a threesome?” nangungutyang tanong ng lalaki.

Hindi niya pinansin ang tono nito.

“Yung pinakamalapit ay n'ung kay Robert. Gusto niya. At iyong parte ng puso ko na hindi pa durog, dinurog na niya nang tuluyan. Hanggang ngayon, sinisikap ko pa ring magawa nang tama ang isang twosome,” buong kaseryosohang sambit niya.

Nabigo siya sa pagsubok na ngumiti habang pinagmamasdan ang pagragasa ng emosyon sa mukha ng kaharap. Hinanakit, galit, kawalang-kasiguruhan at ang huli ay kawalan ng interes.

“I see.”

“Hindi ako naniniwala. Ngayon ko naiisip na

baka wala kang kakayahang makapansin ng kahit ano. O baka ako ang nakakakita ng mga bagay na hindi naman totoo, na hindi kailanman naging totoo,” malungkot na dugtong ni Helene.

“Madaling ipagkamali ang lust sa love,” sumbat nito, ngunit ang mga salita ay animo humarang na sa lalamunan.

“Madaling ipagkamali ang love sa lust,” pagtatama niya.

“You got me good,” amin ni Jack na bahagyang umatras. “Pero hindi ko gustong nagsinungaling ka sa akin. I hate it more than anything else.” Umatras ito at pumasok sa sariling silid. Marahan nitong isinara ang pinto sa harapan niya. Naikandado na iyon nang subukan niyang buksan.

Nakaramdam siya bigla ng galit.

“Mas gusto mong hindi ko na lang sinabi sa ’yo ang totoo?” sigaw niya.

Pinukpok niya muli ang pinto nang wala siyang narinig na sagot. Isinandal niya roon ang noo at sinabi sa sariling si Jack Paris ay hindi karapat-dapat sa lahat ng sakit na nararamdaman niya.

“Hindi talaga,” bulong niya sa tapat ng pinto.

Ngunit kahit paano ay hindi pa rin umaayon ang puso niya sa kanyang utak.

---

Bumagsak si Jack sa kama na suot pa ang damit. Pigang-piga na siya. Si Helene Crawford ang pinaka nakakapagod... nakakapukaw na babaeng nakilala niya. At malupit. Ang ginawa nito sa kanya ngayong gabi ay ni hindi niya naisip na magagawa nito kahit sa loob ng isang milyong taon pa.

Nasasaktan siya dahil sa isang emosyong hindi niya maunawaan. Hindi niya malaman kung galit siya dahil sa pagkukunwari nito, o nasaktan o nalungkot dahil ginawa nito ang lahat ng paraan upang iparamdam sa kanyang... ano? Ano ba talaga ang gusto nitong iparamdam sa kanya?

Katulad ng ipinaramdam niya rito matagal na panahon na.

Hindi niya gustong nililito siya ng ganitong mga emosyon. Gusto lang niya itong ikama, ang gawin dito ang lahat ng pinapantasya niya. Alam niyang iyon din ang gusto ng dalaga. Bakit kailangang maging komplikado ang lahat? Bakit hindi na lang nila gawin ang gustong gawin at pagkatapos ay lumayo sa isa't isa?

*Kung iyon lang talaga, nagawa mo na sana noon pa, bulong ng kanyang isip.*

Hindi niya gustong magkaroon pa iyon ng ibang kahulugan. Hindi niya kaya. Wala siyang lugar para sa anumang emosyonal na kumplikasyon. Puno na siya ng maraming bagay. Magiging kalabisan na ang dalaga.

Malalim ang emosyon niya. Magnanais ito ng higit pa sa kayang ibigay ng dalaga at sa huli ay masisira lang ang lahat. Walang nagbago mula nang tanggihan niya si Helene noon, maliban sa higit niya itong gustong maangkin ngayon.

Nanigas ang katawan ni Jack nang maalala ang hitsura nito kanina sa loob ng *Victoria's Secret* store. Galit na galit siya habang kausap ang ama nito. Nanakit ang puso niya habang ini-imagine itong nasa ibabaw niya, suot ang pulang leather na damit at labas ang mga tuktok ng dibdib. Ngunit ang lahat ng nasa isip niya ay naglaho nang makita ang kasiyahan sa mukha nito habang pumipili ng bibilhin. Hindi niya napigilang lumapit sa likuran nito at panoorin kung paano nito sinukat ang ilang damit sa sarili, humarap sa salamin; mainit at puno ng pangarap habang tinitingnan kung babagay ang hawak. Hindi lamang nito basta tinitingnan ang damit, tinititigan

din nito ang sariling mga mata na para bang nasa loob ito ng isang lihim na pantasya. Mapanghalina ang mumunting mga ngiti nito habang nakatitig sa sarili.

Nais niyang makasama ito sa pantasyang iyon. Naisip din ni Jack kung siya ba ang naalala nito. May hinugot iyong isang masuyong pakiramdam sa kalooban niya na hindi niya nagawang itanggi. Maganda si Helene, sa loob at labas. Isang romantiko.

Habang kumikilos ito sa fragrance section ng tindahan, na-realize niyang hindi bagay sa dalaga ang pulang leather. It wasn't really her. Helene was silk and lace, all soft and sheer. At batid niyang nasaktan niya ito nang higit pa sa ipinakikita nito. Noon niya nabatid na dapat lang siyang humingi ng tawad. Ngunit matapos niyang gawin iyon ay nagalit ang dalaga at iyon ang hindi niya maintindihan.

Bumangon siya nang biglang makaramdam ng desperasyon. Buhay na buhay ang kanyang katawan sa galit at sama ng loob. Paanong nagawa nitong ibato sa pagmumukha niya ang paghingi niya ng tawad?

*Mula roon ay isinagawa na nito ang plano.*

Nakaramdam siyang muli ng galit at frustration nang maalala kung paano itong umaktong malambing

sa harap ni Danny. Naisuklay niya ang mga daliri sa buhok nang lukubin na naman siya ng paninibugho. Dapat ay siya ang kaharap nito!

Pinilit niyang panatilihing blangko ang isip habang naghihintay rito sa loob ng kotse. Ang hirap lang sa kalooban iyong isipin na suot nito ang leather outfit habang kapiling ang ibang lalaki.

Lalo pang nadagdagan ang paghihirap niya nang dumating ang isa pang kotse at umibis ang isang lalaking may bitbit na isang set ng handcuffs at paddle. Nalaglag ang kanyang panga sa sindak. Matinding galit ang naramdaman niya noong oras na lumabas ito ng bahay na parang hindi na kayang suportahan ng mga binti ang katawan.

Kasama ng galit, naroon din ang guilt. Naging isang mahirap na laban para sa kanya kung ano sa mga emosyon ang pakakawalan sa harap ni Helene. Nagsisisi siya dahil sa pananakit sa murang puso nito gamit ang mga kasinungalingan. Mga kasinungalingang sinabi niya upang pangalagaan ang sariling puso. Hindi niya gustong angkinin ni Helene ang kahit anumang bahagi niya noon man o ngayon. Paulit-ulit naman siyang kinakain ng kaalamang malaya itong umibig o mahumaling sa iba.

Higit na mas madaling magpadala sa galit.



Nang pumasok siya sa sariling silid ay napagtanto niyang siya ang nagtulak dito sa landas ng kapahamakan. Siya ang nagpahiwatig ditong mas gusto niya ng mga babaeng sexually adventurous. Siya ang nagtulak dito para isipin na iyon ang gusto ng mga lalaki. Hindi niya kayang tanggapin na baka may hinahanap itong isang konkretong bagay sa mga lalaking iyon... isang bagay na hindi nito matagpuan dahil hindi naman nabubuhay ang totoong damdamin kapag ang isang tao ay palipatlipat lang ng kama. Hindi ang klase ng damdaming makapagbibigay ng isang magandang pakiramdam. Alam niya, dahil sa buong buhay niya, hindi pa niya nagawang ilapit nang totoo ang sarili sa kahit sinong babaeng nakasama niya. Si Helene lang ang tuminag sa kanya. Gusto niyang iparamdam dito kung paano makipagtalik sa isang taong gusto nito. Alam niyang magiging kasiya-siya iyon sa kanilang dalawa.

Pero ginawa siya nitong tanga. Pinagtawanan siya ni Helene buong magdamag!

Ngayon ay hindi na niya alam kung ano ang paniniwalaan tungkol sa dalaga.

Isang bagay lang ang natitiyak niya. Kailangan niyang makalayo rito.

---

Humihigop si Helene ng kape at nagkukunwaring nagbabasa ng dyaryo nang saluhan siya ni Jack sa balkonahe nang sumunod na araw. Napansin niyang parang hindi ito nakatulog. Sana nga ay gising ito magdamag at kumukulo ang loob.

“Lumabas ka ba ng bahay habang tulog ako para bilhin ’yan?” angil nito sabay turo sa iniinom niya.

Maingat niyang itinupi ang dyaryo at inilapag iyon sa glass tabletop. “Oo naman.”

“Nakalimutan mo na ba kung bakit ako narito?”

Umikot ang mga mata niya. “Dalawang tauhan ni Daddy ang nakaupo sa lobby. Sinamahan nila ako. Maayos naman ako.”

Umingit ito at kumilos upang sumandal sa dingding ng balcony. Pinagkrus nito ang dalawang braso sa dibdib at tinitigan siya. Hindi niya ito pinansin at dinampot muli ang dyaryo, iniladlad at saka itinago ang sarili sa likod niyon.

Nang tumunog ang cellphone nito ay walang kahiya-hiya siyang nakinig.

“Maayos ang lahat.” Isang patlang at pagkatapos, “Hindi mula kahapon. Gabi na kami umuwi, pero wala akong nakita.” Tumikhim ito at tumalikod.

Naging mahirap lalo para sa kanya na marinig ang pakikipag-usap ng lalaki.

Ibinaba niya ang pahayagan at marahang tumayo. Buong ingat at tahimik siyang tumayo sa likuran nito.

“Hmm, oo, iyon nga ang gusto kong pag-usapan natin,” anito. “Ramdam ko lang na mas maayos na mababantayan ng iba si Helene kaysa akin. Hindi kami magkasundo, Alec, alam mo ’yan.”

Binelatan niya ang likod nito.

“Yes, Sir, naiintindihan ko, pero—”

Nakita niyang tumaas ang malapad nitong balikat.

“Madalas kaming mag-away at—”

Napangiti siya nang marinig ang pagbuntong-hininga nito. Kilala niya ang ama. Malaki ang tiwala nito kay Jack. Malabong makumbinsi ito ng binata na ipasa ang pagbabantay sa kanya sa iba.

Nakinig siya nang may ilan pang minuto at napaangal nang bigla itong humarap. At dahil nabigla, muntik na siyang matumba patalikod. Animo latigong nadaklot nito ang isang braso niya bago pa siya tuluyang mawalan ng balanse. Galit siya nitong

pinandilatan.

“Ano sa tingin mo ang ginagawa mo?” singhal nito.

“W-wala,” pautal niyang sagot.

Parang napasong ibinagsak ni Jack ang braso niya. “Hindi ikaw ang kinakausap ko. Ang anak mo! Ito ang ibig kong sabihin, Alec. Palihim siyang nakikinig sa likuran ko. Hindi nga kami magkakasundo. Hindi ko mapapanatili sa trabaho ang isip ko kung wala siyang ibinibigay sa akin kundi gulo.”

“Kawawang bata!” malakas niyang tukso na nag-make face pa rito.

Natigilan ang lalaki, nagdilim at naging nakakatakot ang mga mata. “Narinig mo? Nakita mo na ang ibig kong sabihin? Hindi niya sineseryoso ang kaligtasan niya—”

“Dahil wala namang nagtatangka sa ’kin!” naiinis na sigaw niya.

“Hindi ko na magagawa ito,” angil nito sa telepono.

Nakaramdam ng sandaling panic ang dalaga. Tumalikod siya at pumasok sa loob. Kung gusto talaga nitong lumayo sa kanya, bahala ito. Hindi rin naman

niya gustong nasa malapit ito. Ang ginagawa lang nito ay ang ipaalala sa kanya ang isang bagay na hindi kailanman magiging kanya. Nakakasakit lang ng puso at puso ang frustration. At hindi niya kailangan ng mga damdaming iyon sa kahit anong paraan!

Pumasok siya sa kuwarto at pabalibag na isinara ang pinto. Hindi pa siya nakakapag-shower at kailangan niya ng magpapalamig sa kanya. Hinubad niya ang tank top at inihagis sa kama. Tinanggal niya ang kawit ng bra at inihagis din iyon. Tinatanggal niya ang buton ng kanyang jean shorts nang pagalit na itinulak pabukas ang kanyang pinto.

“Saan ka pupunta?” umugong ang galit na tinig ni Jack.

Kuyom ang mga kamaong hinarap niya ang binata. Handa na sana siyang saktan ito, pero napansin niya kung paano nitong titigan ang hubad niyang dibdib.

“God, Helene,” marahas nitong bulong. Bumagsak sa carpet ang nabitiwan nitong cellphone ngunit wala isa man sa kanila ang nakapuna. Kumuyom ang mga kamay nito na parang hindi ito makapaghintay na mahawakan ng mga palad ang kanyang dibdib. Masakit lang dahil gustung-gusto nitong makawala sa kanya.

“Nagustuhan mo, Jack?” mabini niyang bulong. Inilagay niya ang dalawang kamay sa ilalim ng dibdib at ibinilango ang kaumbukan sa mga palad.

Bigla itong napalunok.

“Tingnan mo na dahil hindi mo na ito ulit makikita.”

Nag-penetrates sa ulap ng pagnanasang nakapalibot dito ang kanyang mga salita. Kusa itong humakbang palapit sa intensyong baguhin ang kanyang isip.

Umiling si Helene. “Maaaring hindi pumayag si Daddy na umalis ka, pero payag ako. Lumabas ka na! Papuntahin mo na lang dito ang isa sa mga lalaki sa ibaba. Wala akong pakialam. Basta’t huwag ka na lang babalik dito!”

Ang pinalidad sa tono ng dalaga ay animo isang two-by-four na bumaon sa ulo ni Jack. Masyadong matalim at brutal ang nilikhang sakit.

Niyuko ni Helene ang kama upang muling kunin ang kamiseta. Isang nakamamatay na tingin ang ipinukol nito sa kanya habang sinadyang dahan-dahanin ang pagsusuot ng T-shirt.

“Hindi ako puwedeng umalis.”

“Puwede. At gagawin mo.”

“Masyadong kumplikado ang lahat sa pagitan natin.”

“Duwag.”

Naglapat ang mga labi ni Jack. “Hindi ko gustong pinaglalaruan ako.”

“Isa kang duwag.”

“Tumahimik ka,” angil niya na humakbang palapit.

“Emotionally retarded na duwag,” may paghahamong bulong ni Helene na itinaas pa ang mukha.

“Binabalaan kita—” mabangis niyang banta.

“Ano bang mawawala sa iyo, ha, kaya ganyan na lang ang tindi ng kontrol mo sa emosyon mo? Para itanggi na may namamagitan sa atin at palaging naroon 'yun? Ilang lalaki pa ba ang kailangan kong pagdaanan para lang angkinin mo ako—”

Nagawa niyang mahawakan ang dalaga sa isang malaking hakbang at ikinulong sa kanyang mga bisig. Naging maiinit ang pagtatagpo ng kanilang mga labi na lalong nagpaapoy sa dugong dumadaloy

sa kanilang mga ugat. Bumagsak sila sa kama na magkapulupot ang mga braso't binti. Mabilis na naalis ang damit ng isa't isa hanggang sa kapwa na sila hubad at mahigpit na magkayakap, balat sa balat.

Inalis ni Jack ang bibig sa kanyang mga labi at mabangis na kinagat ang kanyang leeg, nag-iwan ng marka bago sinapo at sinipsip ang isang dibdib.

Namilipit si Helene sa ilalim ng binata. Naging garalgal ang kanyang paghinga at buhol-buhol ang emosyon.

Bumaon na ang mga kuko niya sa balikat nito. Umungol ito at kumilos, ginamit ang mga tuhod upang paghiwalayin ang kanyang mga hita. Naramdaman niya ang kahandaan nito nang humagod iyon una sa kanyang tiyan at pababa pa, sa itaas ng kanyang kasarian. Sobrang tindi na ng kanyang antisipasyon na kung sakaling magtatangka itong tumigil ay hindi siya papayag na tumayo ito mula sa kama. Kusa niyang iniyakap ang mga binti rito, hinihimok itong angkinin na siya.

Umangat ang ulo ni Jack at tinitigan siya sa mga mata. Itinukod nito ang isang kamay upang suportahan ang sarili at ang kabila ay ipinailalim sa kanyang pang-upo, hinanda siya para tanggapin ito.



“Ah, yes, fill me up, Jack...”

Mababa at maigting ang ginawang pag-ungol ng lalaki habang dumudulas sa kalooban ng dalaga. She was so wet and hot and *right*. Pinag-aapoy ng bawat pagkilos niya ang magkaugpong nilang katawan.

Tiningala siya ni Helene, at ang ngiting kaytagal niyang hinintay na muling masilayan ay nagkahugis sa mga labi nito. Nangingilid ang luha nito sa mga mata. Napasinghap siya nang kumilos ito sa ilalim niya.

Hinaplos nito ang kanyang panga at dinama ng hinlalaki ang kanyang bibig. “Love me, Jack,” garalgal na bulong nito.

Wala na siyang pakialam sa oras at lugar habang gumagalaw sa ibabaw nito. Mapusok at mabilis ang bawat pagkilos niya sa kaloob-looban nito. Iniliyad nito ang katawan at isinigaw ang kanyang pangalan nang marating nito ang kasukdulan. He continued to move in her, feeling her orgasm all around him, hanggang sa siya man ay nakaramdam ng pangangatal ng katawan habang ibinibigay rito ang lahat.

Nawalan na ito ng kontrol sa emosyon at nagsimulang tumawa. Nanatili siyang nakahiga sa ibabaw nito, naghahabol ng paghinga at nanghihina,

ngunit sa unang pagkakataon ay nakaramdam ng lubos na kasiyahan. Napansin na lamang niyang sa kabila ng pagod ay nakangiti siya.

Umalis siya sa pagkakadagan dito at nahiga. Malamig ang dampi ng kobrekama sa kanyang balat. Nagtagpo ang kanilang mga mata.

Napansin ni Helene na nagsimulang magdilim ang mga mata ni Jack. Natakot siyang baka pinagsisisihan nito ang ginawa. Bumangon siya at kumandong dito. Dumulas ang kanyang mga palad sa tiyan nito, sumala sa linya ng pinong balahibo pataas sa dibdib. Napakapino ng buhok nito, kabaligtaran sa matitigas na kalamnan sa ilalim. Masarap ang pakiramdam ng pagkakaibang iyon sa mga daliri niya. Dumulas ang mga kamay niya sa tagiliran nito pataas hanggang sa marating ang well-defined triceps ng binata. Medyo mapusyaw ang kulay ng balat nito sa parteng iyon na hindi gaanong nabibilad sa araw.

Yumuko siya rito, sinamyo ang amoy nitong kaytagal ding tumukso sa kanya. Matindi ang pagnanasang mabilis na lumukob sa kanya. Gumiling siya sa ibabaw nito. Napasinghap siya nang umalon ang katawan ng lalaki.

“Hindi pa nangyaring nakalimot ako,” narinig niyang ungol nito habang inangat ang ulo upang

silipin ang bahagi ng kanilang katawan na kumikiskis sa isa't isa.

Yumuko pa siya, sumagi ang kanyang dibdib sa dibdib nito.

“Hindi nakalimot ng ano?” bulong niya sa tapat ng labi ni Jack.

“Condom.”

Maganda ang naging ngiti niya rito. “Masaya ako dahil ako ang nauna,” aniya bago ito halikan sa may panga. Umakyat ang kanyang mga labi sa bibig nito. Natutuwa siyang siya ang unang babaeng nagtaglay ng binhi nito sa kanyang katawan. Ngayon ay kailangan niyang umisip ng paraan para palaging maging ganoon.

“Una din iyon para sa akin. Hindi ko alam na nagli-leak pala 'yun,” bulong niya na gumawa pa ng funny face.

Nag-umpisang tumawa si Jack. Itinaas niya ang dalawang braso upang kabigin ang dalaga sa katawan niya. Nang hayaan niya itong makatayo ay tumitig ito sa kanya. Halos lamunin na siya ng masidhing damdaming nasa mga mata nito. Alam niyang iyon nga ang mangyayari kung hindi siya lalayo sa dalaga. Kayang higupin ng magaganda nitong mata ang

buong kaluluwa niya.

Napaungol si Jack sa frustration. Ano ba ang iniisip niya?

“Huwag mong gawin iyan.” Hinaplos nito ang nakakunot niyang mga kilay. Bumangon din siya.

“Gawin ang ano?”

“Iyong mag-alala. Iyong mag-isip. Huwag mong gawin,” sagot nito sa pagitan ng paghalik sa kanyang leeg.

Hinawakan niya ito sa baywang habang umaayos silang dalawa ng pagkakaupo. Pumatong ito sa kandungan niya at ikinawit ang mga braso sa kanyang leeg.

---

“Helene...” Nasa tono ni Jack na magsisimula na itong isa-isahin ang mga dahilan kung bakit isang pagkakamali ang naganap sa kanila.

Pinaglandas niya ang mga labi sa panga nito papunta sa tainga. Naging sobrang bilis at lalim ng mga pangyayari. Kailangan niyang pagaanin ang mood kung ayaw niyang tumakbo ito palabas ng pinto nang mabilis pa kaysa isang kurap. Naalala niya ang huling pagkakataon na nakita niya ang parehong

panic sa mga mata nito at ang sakit na idinulot niyon sa kanya. Sa isang banda, maaaring nasaktan din ang binata. Para itong isang sugatang hayop, isang lobo. Isang madilim at malungkot na lobo at kailangan niyang magdahan-dahan kung hindi ay masasaktan siya muli.

“Wala akong ibang gusto mula sa ’yo maliban sa katawan mo. Hanggang pisikal lang ito, ’wag mong isiping mas malalim pa d’un. Hindi ko rin kayang ibigay sa ’yo ang higit pa dito,” pagsisinungaling ni Helene. Masuyo niyang kinagat ang dulo ng tainga nito bago hinalikan.

Gumawa ito ng isang malalim na ungol. Dumako sa likuran niya ang isang kamay nito at bumaon sa kanyang buhok. Pinigil nito ang kanyang ulo. Tinitigan niya ito at hinamong pasubalian nito ang sinabi niya. Umiling si Jack; his nostrils flaring with emotions. Marubdob siyang hinalikan ng binata.

Tumayo siya mula sa kandungan nito at hinila ito patayo sa kama. Mabilis itong tumungo upang muli siyang halikan. Ibinuka niya ang bibig; sliding her tongue against his in a rough, savage motion that fired them both. Magkayakap silang umatras.

“Dito ang papunta sa shower, di ba?” tanong nitong iniangat sandali ang bibig.

*A Taste Of Heaven - Janina Henderson*

---

Tumango siya, sinisikap na magkonsentra sa paglalakad habang hinahalikan ang kung anumang parte ng balat nito. Magkayakap pa rin silang pumasok ng banyo.

# 6

“Umiinom ka ng pills, di ba?”

Nanunukso ang kanyang naging ngiti. “Ano’ng gagawin mo kapag sinabi kong hindi?”

Nasa bedroom sila. Kahit pagkatapos ng naganap sa kama at sa shower ay hindi pa rin lubusang humupa ang pagnanasa nila sa isa’t isa. Nanginginig pa rin ang mga tuhod ni Helene. Buhay na buhay ang kanyang katawan at malakas ang kabog ng kanyang dibdib dahil sa kasiyahan.

Si Jack ang pinakamagandang lalaking nakita niya at naangkin na niya ito sa paraang gusto niya. Ang problema, wala siyang ideya kung paano ito mapapanatiling kanya.

“Wag mo akong paglaruan.” Magaspang ang tinig nito at may bakas ng takot ang mukha.

“Oo naman,” pagtitiyak niya. “At wala rin akong sakit. Kahit sa dinami-dami ng mga naging lovers ko,” matapang pa niyang dagdag at saka ito tinalikuran. Ibinato niya ang tuwalya sa kama at pumasok sa walk-in closet.

“Na ngayo’y kinabibilangan ko na,” narinig niyang sambit nito.

Sinulyapan niya ang lalaki sa ibabaw ng kanyang balikat. “Pareho ko lang, di ba? Pang-ilan na ba ako?”

Bigla siyang naging seryoso. Tinalikuran niya ang binata bago pa ito makasagot. Hindi niya talaga gustong malaman kung ilang babae na ang nakarelasyon nito.

Isang nakaiilang na katahimikan ang bumalot sa kanila. Narinig niyang dinampot nito ang mga damit. Siya naman ay nagsuot ng isang pares ng khaki shorts at itim na kamiseta. Wala na ito sa kuwarto nang lumabas siya ng closet.

“Ang tanga mo talaga,” sumbat niya sa sarili habang nagwiwisik ng pabango, pagkatapos ay bumalik sa banyo para mag-blow dry ng buhok. Malapit na siyang matapos nang maramdaman ang presensya nito sa pinto.

Tinapunan lang niya ng isang sulyap si Jack at saka ipinagpatuloy ang ginagawa. Nakasandig ito sa hamba, nakangiti at masuyong nakatitig sa kanya. Nagulat siya. Ini-off niya ang blow-dryer at ipinatong iyon sa counter. Inayos niya ang buhok at nilagyan ng spray.



Lumipat ito sa likuran niya at pinaglandas ang mga daliri sa mahaba niyang buhok.

“Huwag mo nang dagdagan ng kung anu-ano, please,” pakiusap nito na iniyakap pa ang mga braso sa bandang ilalim lang ng kanyang dibdib. Hinapit siya nito at hinalikan sa pisngi.

Nagsalubong ang mga mata nila sa salamin.

“Walang halaga kung ilan mang...”

“Shh,” pigil niya. Umikot siya at hinalikan ito. “Nambubuwisit lang ako.”

Nang umungol si Jack ay nagkunwari siyang susuntukin ito sa tadyang.

“Wala akong maipapangako sa iyo, Helene.”

Tinitigan niya ang malungkot nitong mga mata. “Wala naman akong hinihingi. Hindi nga tayo magkasundo, di ba?”

Nanuot sa kanya ang mga mata ng binata na para bang nararamdaman nitong nagsisinungaling siya. Ngunit magaling siyang magtago, dahil alam niyang nakasalalay ang relasyon nila sa pagkukunwaring iyon. Hindi niya hahayaang mawala ito sa kanya ngayon, hindi pagkatapos niyang maranasan ang pakiramdam ng makulong sa mga bisig at mayakap

nito nang mahigpit, pagkatapos maramdaman ang lakas at simbuyo ng damdamin nito, pati na rin ang takot na naglayo rito sa kanya. Isa itong malaking kumpol ng pagnanasa't pangangailangan at nais niyang mahalín ito nang buong puso, kung kailan ito magiging handa.

“Tama ka.”

“You’re a beast,” bulong niya at saka ito itinulak palayo. “At kailangan kong kumain, ’yung totoong pagkain para bumalik ang lakas ko. Marami akong naiisip na magagandang plano para sa iyo.”

Nagniningning ang mga mata niyang tumitig dito.

“Mmm. Ang sarap namang pakinggan.”

“Maraming licking at sucking at nibbling...” pag-iisa-isa niya habang palabas ng banyo.

“Sucking is always good,” sigaw ni Jack mula sa kanyang likuran.

Isang garalgal na tawa lang ang naging sagot niya.

---

“Maganda ang lugar na ito,” komento ni Jack.

Nasa isang maliit na café sila na di-kalayuan sa bahay ng dalaga. Country style ang dekorasyon, puno ng apples and peaches wallpaper sa mapusyaw na tsokolate, dalandan at berde. Peach at berry cobblers at iba't ibang pies ang specialty ng café na sine-serve *a la mode* na may kasama pang iba't ibang flavors ng kape na puwedeng pagpilian. Regular na parokyano doon si Helene.

“Gusto ko dito. Mahilig ako sa pie at nasa kanila ang pinakamasasarap na puwedeng pagpilian.”

Nakaupo sila sa isang maliit na metal table na nalilimliman ng isang malaking payong sa dining patio. Natatanaw nila mula sa mababang stucco tan wall ang isang malaking parke na nasa kabilang ibayo ng kalsada. Isang oval pond na may matatandang weeping willows sa isang gilid ang makikita sa pinaka-gitna ng parke. Lumalangoy sa pond ang mga grupo ng bibe't gansa kasama ang kanilang mga inakay.

Humigop ng kape si Jack. Ang pansin niya ay nalipat mula sa parke patungo kay Helene kung saan ito nakaupo sa tapat niya. Pinagmasdan niya ang babaeng katatapos lang niyang... ano? Dalhin sa kama? Parang hindi tama.

Marami na siyang babaeng nadala sa kama

ngunit wala isa man ang nagpawala sa kanya sa katinuan sa puntong nakalimutan na niyang huminto para gumamit ng proteksyon. Ni hindi nga pumasok sa isip niya ang tungkol doon.

Hindi, may kakaibang nangyari sa kanila.

Naninikip ang dibdib niya isipin pa lang kung ano ang maaaring kahinatnan ng kanyang ginawa. Hindi niya malaman kung ano ang mas gusto niya, ang makasama ito o ang tumakbo nang mabilis palayo. Mas ligtas ang huli, ngunit kaytagal niyang pinagkait sa sarili na angkinin si Helene, para tapusin kaagad ang isang bagay na ngayon pa lang nagsisimula.

“Gusto mong sabihin ko sa ’yo kung ano ang mga bagay na gusto kong gawin pagbalik natin?” anas nito na dumukwang pa. Tumaas ang dibdib nito at namilog pa ang mga mata sa panunukso.

Tumikhim si Jack. “Sa tingin ko, hindi ’yan magandang ideya. Huwag nating kalimutan kung bakit ako narito.” Sinikap niyang huwag pansinin ang mapipintog at nanunulis nitong mga labi.

“Sa palagay mo, magagawa pa nating itigil ito ngayon?” Seryoso na ang tono ng dalaga, nanunuri ang ekspresyon nang abutin ang kanyang kamay sa ibabaw ng mesa.

“May relasyon kayo ni Steve for Christ’s sake!”

Mabigat ang naging pagbuntong-hininga ng dalaga nang muling sumandal.

“Tapos na kami. Hindi na ako puwedeng bumalik pa sa kanya. At saka, masyado na niyang sineseryoso ang lahat kaya gusto ko nang tapusin ang relasyon namin. Naghihintay lang ako ng tamang oras.”

Ganoon din kaya ang sasabihin nito sa susunod nitong lover? mapait niyang naisip.

“Naiirita ka kasi may sex life ako, ano?”

“Hindi, ah!”

“Sinungaling.”

“Hindi ako ganoon,” mahinahon niyang sagot.

“Mas gusto mo ba na hindi ako naka-move on noon dahil sa nangyari sa atin, na ibinaon ko na lang ang sarili ko sa school, na hindi ako nakipagrelasyon sa loob ng walong taon?”

Naging mabigat ang epekto ng mga salita ng babae sa pagitan nila. Pagkatapos ay tumawa ito at natagpuan niya ang sariling sumasabay, sa kabila ng pasya niyang palamigin ang bagay-bagay.

“Geez, kung naging virgin ako, hindi tayo mag-e-

enjoy nang ganoon sa shower. Magiging nakakailang, hindi natural, masakit...” Masuyo itong nakangiti sa kanya habang binibigkas ang mga salita.

“Iyong unang lalaking kinahumalingan ko n’ung college ay puwede nang maging baby brother mo,” anito habang humihigop ng kape. “Pareho kayo ng mga mata, magkasing-itim din ang buhok.”

Nakamasid siya nang ipikit nito ang mga mata habang pini-picture ang lalaki sa isip. Alam niyang si Robert iyon, ang tarantadong naging dahilan ng pag-uwi nitong umiiyak noong tag-araw na nasa malayo siya. Nalukot ang mga labi nito sa galit at bigla itong nagmulat ng mga mata.

“Pero medyo twisted siya, hindi katulad mo. He was with me for sport samantalang ginamit ko siyang pamalit sa ’yo. Napaka-unhealthy na relasyon.”

“Mukha nga,” sambit ni Jack.

“Marami naman siyang mahalagang lessons na naituro sa akin,” patuloy nito na masaya pa.

“Katulad ng kung paano mo itatago ang puso mo para hindi ka na masaktan muli?”

Tinawanan nito ang sinabi niya ngunit bahaw iyon sa kanyang pandinig. Nalukot ang paligid ng mga

mata't bibig nito na para bang maiiyak ito anumang sandali. Ngunit nagawa nito iyong takpan ng isang matabang na ekspresyon. "Ikaw ang nagsimula ng lesson na iyon, tinapos lang niya."

"Ouch," anas niya na pabirong itinapat ang isang palad sa tapat ng dibdib. Ngunit ang totoo ay nasaktan siyang talaga. Hindi niya gustong isipin ni Helene na siya ang unang dumurog sa puso nito. Ginawan lang niya ito ng pabor. Bakit hindi iyon makita ng dalaga?

Napapalatak siya sa bitterness nito. "So mas mabuti ba kung, sabihin nating nag-give in ako sa sexual wants natin noon, dinala at pinaligaya ka na lang sa kama hanggang sa puntong kalilimutan mo na ang pangarap mong maging doctor?"

"Masyadong mataas ang opinion mo sa sarili mo," ganti ni Helene.

"Hindi. Ayoko lang na maging sagabal sa mga pangarap mo."

"Bakit? Hindi ba p'wedeng pareho ko iyong makuha?"

Nangungutya ang kanyang ngiti. "Ganyan ka pa rin ba kainosente?"

Pansamantalang natigil ang kanilang pag-uusap nang dumating ang in-order nilang pagkain.

Maganang kumain si Jack samantalang napansin niyang nilalaro lamang ng dalaga ang pagkain at mukhang nag-iisip nang malalim. Tinapik niya ang paa nito sa ilalim ng mesa. Napatitig ito sa kanya.

“Kumain ka. Kailangan mo ng lakas kung balak mo pa ring gawin ang lahat sinabi mo kanina.”

Sandali pa itong nanatili sa madilim nitong mood. Pagkatapos ay binigyan siya ng isang malapad na ngiti. Naisip ni Jack, kailangang mapanatili niya itong galit sa kanya, na hindi nito makalimutang siya ang dumurog sa puso nito. Kung magpapasya si Helene na mahal in siya muli, hindi na niya alam kung paano pa siya makakalayo dito, o kung gugustuhin pa niya iyon.

“Sabihin mo nga sa ’kin,” anito pagkatapos lunukin ang kinakain. “Ano’ng nangyari sa naging pag-uusap n’yo ni Daddy?”

Ibinaba niya ang tinidor at mabagal na pinunasan ng napkin ang bibig.

Nakalimutan na niya ang tungkol kay Alec matapos niyang pasukin sa loob ng kuwarto si Helene. Hindi nito magugustuhan ang resulta ng pakikipag-



usap niya sa ama nito at ayaw niyang makipag-away. Masyado siyang nag-e-enjoy sa oras na magkasama silang dalawa.

“Mukhang guilty ka,” tukso nito.

“Darating ’yung papalit sa akin bukas.” Napangiwi siya nang makita ang hinanakit sa mukha ni Helene. Sumandal ito sa upuan at ipinaling ang tingin sa parke.

“Wow,” sa wakas ay sambit nito, “mukhang mas malakas ka kay Daddy, taliwas sa akala ko.”

“Sinabi kong magbibitiw ako kung hindi siya papayag,” amin niya, hindi nakaligtas sa kanya ang sugatang anyo ng kausap.

Dahil kapwa na nawalan ng gana, hinayaan na ni Jack na imisin ng server ang pinagkainan nila. Tahimik silang nanatili roon nang ilan pang segundo. Halata ang pagpipilit ni Helene na maging masigla. Pakiramdam niya ay isa siyang malaking gago sa ginawa niya sa dalaga.

Gumaan ang ekspresyon nito. “Well, sa atin naman ang buong araw kung game ka.” Eksaherado ang pagngiti nito. Sa unang pagkakataon ay na-realize niyang higit itong vulnerable sa tuwing umaaktong masaya na parang magaan at mababaw

lang ang mga bagay sa harap nito. Kumindat ito at binigyan pa siya ng isang mapanuksong sulyap. At nasasaktan ang puso niya dahil sa sakit na ibinigay niya rito. Para siyang kontrabida. Pakiramdam niya ay isa rin siyang duwag at sinungaling. Ang totoo ay gusto niyang manatili sa tabi ni Helene hanggang sa manawa sila sa isa't isa at maghiwalay... o hanggang sa manawa ito sa kanya, dahil natatakot siyang hindi niya ito magagawang pagsawaan.

“Mukhang maganda nga 'yun.” Muntik na niyang masuntok ang sarili nang pumiksi ito.

---

“Sino'ng papalit sa 'yo?” curious na tanong ni Helene. Naglalakad na sila sa bangketa pabalik sa kanyang apartment. Kanina ay nag-excuse siya para pumunta sa ladies room upang kalmahin ang sarili. Nakabandera na ang pinakamasaya niyang mukha nang balikan ang binata. Determinado siyang huwag ipakita rito ang tunay niyang nararamdaman.

“Dapat hindi si Gary Hoskins,” banta niyang patagilid pang sumulyap dito.

Nangunot ang noo nito sa kanya. “Ano'ng problema kay Gary? Mabait naman siya.”

Umikot ang kanyang mga mata. “May gusto si

Gary sa 'kin. Ilang ulit ko na siyang tinanggihan at naaasar na siya. Hindi siya sa masyadong marunong tumanggap ng salitang 'hindi'. Kung naiintindhan mo ang ibig kong sabihin.”

Malaki ang pagkakatulad ni Gary kay Danny na naka-date ni Helene, iyong golden-Adonis na tipo. Matinik ito sa babae, kung paniniwalaan niya ang madalas nitong pagyayabang.

“Oo, naunawaan ko ang sinasabi mo. Hindi siya,” tugon ni Jack sa tanong niya ukol sa magiging kapalit nito. “Si Charlie o kaya si Theo,” mahina nitong sagot na binabagabag na naman ng guilt.

Kilala ng dalaga ang dalawang lalaki. Matagal nang empleyado ni Alec ng mga ito at pareho nang may asawa. Hindi na siya nagsalita at nagpatuloy lang naglakad.

Hindi alam ni Helene kung ano ang nag-udyok sa kanyang lumingon sa likuran, instinct o isang tunog, ngunit may nagpalingon sa kanya. Nanlaki ang kanyang mga mata dahil sa takot nang makita ang silver van na mabilis na papalapit sa kanila.

Mas malapit siya sa kalsada at mabilis na napakapit sa braso ng binata dahil sa takot. Napalingon rin ito para tingnan kung ano ang gumulat sa kanya. Biglang

huminto ang van sa tabi nila, nagbukas ang side door at lumabas ang dalawang lalaking nakaitim at nakasuot ng ski masks. Si Helene ang puntirya ng mga ito.

Napahiyaw siya at napangiwi sa sakit nang hilahin siya ni Jack para itago sa likuran nito kasabay ng paghila rin sa kanya ng isang lalaki sa kabila namang direksyon. Si Jack naman ang pinuntirya ng ikalawang lalaki.

Binitiwang siya ni Jack at sa isang solidong one-two punch ay agad na bumulagta sa semento ang kalaban nito. Lumaban na rin siya sa kanyang attacker. Nagulat ito nang bigla niyang sikuhin sa tagiliran. Pagkatapos ng isang igik at sandaling pagkabigla ay nagawa nitong ipilipit ang kanyang braso sa kanyang likuran at kaladkarin siya papasok ng van.

“Jack!”

Naroon na kaagad ang bodyguard upang agawin siya sa lalaki. Nawalan siya ng balanse at natumba sa semento. Nakabangon na ang lalaking sinuntok ni Jack at dinaluhong naman ito sa likuran. Nagpambuno ang tatlo nang may ilang segundo bago may isang tumulak sa binata. Muling tumalon papasok ng van ang dalawa. Umuusok pa ang gulong ng sasakyan

nang sumibat iyon palayo.

Napaungol ang lalaki sa galit habang pinagmamasdan ang van na lumiko sa isang dikalayuag kanto at nawala. Inilabas nito ang telepono, nagtatanong ang mga matang sumulyap sa kanya habang pumipindot ng buton. Tumango siya at nanginginig na isinuksok ang sarili sa libre nitong braso. Mahigpit siya nitong niyakap habang nagbibigay ng utos sa kausap. Inilayo siya ni Jack mula sa bangketa kung saan nagsimula nang dumami ang mga nakiusyoso. Ini-off nito ang telepono at sinigawan ang mga tao na okay lang sila, na tumawag na ito ng pulis.

Nahihirapan siyang unawain ang mga nangyari. Masakit ang mga braso niya dahil sa sabay na paghila sa kanya ni Jack at ng lalaki. Hindi siya giniginaw ngunit nangangatal ang bibig niya, at mabilis na mabilis ang tibok ng kanyang puso.

“Halika na. Kailangan mong tumakbo.”

Bigla siya nitong binitiwang at itinulak paabante. Hawak ang isa niyang kamay, bigla itong tumakbo at wala siyang nagawa kundi ang sumunod. Nakatulong ang ginawa nila. Nagkaroon muli ng lakas ang kanyang katawan at dagli ay naunahan niya ito.

Wala siyang nais nang mga sandaling iyon kundi ang marating ang sariling bahay kung saan siya magiging ligtas.

Patakbo nilang inakyat ang stairwell at mabilis na nilakad na lang ang pasilyo. Ginamit ni Jack ang susi para mabuksan ang pinto. Binigyan siya nito ng isang silent warning bago naunang pumasok upang tingnan kung may tao sa loob. Makalipas ang ilang sandali ay sinigawan na siya nito para pumasok. Dumerecho siya agad sa kanyang kuwarto, hindi tiyak kung ano ang gagawin sa loob. Lutang ang isip niya at nagsisimula na namang mangatal ang buo niyang katawan.

“Helene...” Lumitaw si Jack sa likuran ng dalaga upang aluin ito. “Shh, ligtas ka na,” bulong niya. Lalo lamang tumindi ang panginginig ng dalaga at nagsimula itong umiyak nang yakapin niya. Nakasubsob ang mukha nito sa kanyang balikat.

“Sige, ilabas mo lang, sweet.” Napahikbi ito dahil sa parehong galit at takot.

“Patawarin mo ako. I’m so sorry,” anas niya. “Hindi iyon dapat nangyari. Kung itinuon ko lang ang isip ko sa trabaho...”

Biglang umangat ang ulo ng babae. Nangingislap

ang berde nitong mga mata na basa ng luha. Suminghot ito.

“Higit pa ako sa isang trabaho lang,” paalala nito na tumingkayad pa upang halikan siya. “Hindi ba?”

Napasulyap siya sa mga mata ni Helene. Takot pa rin ito, balisa at nangangailangan ng reassurance sa dalawang bagay—ang kaligtasan nito at ang relasyon nila.

“Pangangalagaan kita,” pangako niya at saka ito marubdob na hinalikan. “Kailangan kong kausapin ang daddy mo. Bakit hindi ka muna maligo para kumalma ang pakiramdam mo? Makabubuti sa ’yo ang pagbababad sa maligamgam na tubig.” Itinulak niya ito papasok ng banyo.

Siya na ang nagkusang magtimpla ng tubig sa bath tub. Siya na rin ang pumili ng bath gel na gagamitin nito. At pagkatapos ay tinulungan niyang mahubad nito ang mga damit.

Nakikipaglaban siya sa sarili. Gusto niyang hawakan si Helene ngunit kailangan niyang unahin ang trabaho. Kailangan niya muna itong pangalagaan bago siya sumuko sa sarili niyang damdamin.

Saka niya ito pinapunta sa banyo.

Nakamasid ito habang naglalakbay ang mga mata ni Jack sa mukha nito bago tumitig sa kanyang mga mata. Ilang segundo ring nakatitig lang sila sa isa't isa.

“Minsan ma’y hindi pa ako natakot. Hindi katulad ng naramdaman ko kanina,” amin ng lalaki. “Nang makita kong palapit sila sa atin at hinila ka niya, takot na takot ako.”

“Ligtas na ako ngayon,” bulong ni Helene. “Dahil sa iyo. Ikaw ang nagligtas sa akin, Jack.”

“Baka inilagay lang kita sa higit pang panganib.”

“Mas gugustuhin ko pang manganib kasama mo kaysa maging ligtas sa piling ng iba.”

“Hindi iyan ang dapat mong sabihin.” Napailing ito.

“Kailan ko ba sinabi ang iniisip mong sasabihin ko?”

“Kailangan ko nang tawagan ang daddy mo,” paalala nito sa sarili.

“Gawin mo na. At bilisan mo. Gutom na ako,” pabirong sagot niya. “Gusto ko ng buong meal at hindi snack lang.”



*A Taste Of Heaven - Janina Henderson*

---

Umungol si Jack, bago tumayo at lumayo sa tub. Bago ito tuluyang lumabas ng silid ay muli silang napatitig nang may pagnanasa sa isa't isa.